# Ang Kapanahunan Ng Iglesiang Filadelfia

Jeffersonville, IN

December 10, 1960

1 Humayo ang isang kapatid na lalaki at ikinuha ako ng isang malaki, at mainit na cherry pie. Sinasabi ko sa inyo; nagbubunga ang pagpaparinig. Ito'y… Ano'ng palagay mo ro'n, Brother Neville? Hayan na siya. Kita n'yo? Mukhang paborito ko ang cherry pie. Talagang napakasarap nito. Gaya ng sinasabi ko kapag kumakain ako ng cherry pie, minsan nakakakagat ako ng buto. Ngayon, hindi ko—hindi ko itinatapon ang tinapay; iniluluwa ko lang ang buto at tinutuloy ko ang pagkain ng cherry pie. 2 Ganiyang ang gusto kong gawin ninyo sa mga mensaheng ito. Kapag may… Samahan n'yo lang ko; kung makarinig kayo ng anuman na hindi ninyo—hindi ninyo masikmura, aba'y, kung gayon, huwag n'yo lang itapon lahat; itapon n'yo lang ang bahaging iyon (ang buto), at ituloy n'yo lang ang pagkain ng tinapay. Aba'y, ganiyan dapat. Kita n'yo? 3 Kapag kayo'y… Gusto n'yo ba ng manok, ng pritong manok? Gusto halos ng lahat. Buweno, kapag kumakain kayo ng manok, may nakakagat kayong buto; hindi ninyo itinatapon ang manok; ang buto lang ang itinatapon n'yo. Hindi ba tama iyon, Pat? Itinatapon n'yo lang ang buto, at itinutuloy n'yo ang pagkain ng manok. 4 Buweno, nagagalak tayo dahil nakakakain tayo ng Pagkaing walang anumang buto. Nahulog mula sa langit ang mga tinapay, na kung tawagin ay manna, na nababalutan ng katamisan ng kalangitan. 5 Alam n'yo, wari ko'y si David ang minsang nagsabi, "Kasing lasa ito ng pulot sa bato." Wari ko'y ang sabi ng manunula, "Pulot iyon na nasa Bato." Oh, kapatid ko, natikman n'yo na ba ang...? Kita n'yo, tulad din ng... kasing lasa ng pulot sa bato. "Pulot sa Bato, kapatid ko." Ganu'n iyon.

2 Ngayon, alam n'yo, minsan ay nag-isip ako kung ano'ng ibig sabihin no'n, "pulot sa bato." At naisip ko, "Buweno, marahil ay nakakita sila minsan ng isang bahay-pukyutan sa isang bato." Ngunit ng saliksikin ko ito, nakakuha ako ng munting inspirasyon tungkol dito. Ako'y… Hindi nung nagsasaliksik ako, ngunit nang maglaon ay nalaman ko na bawat isa sa mga pastol na may alagang tupa… May kung ano dito, alam n'yo, ang mga katawan natin ay yari sa alabok ng lupa. Lahat—bawat bagay na nabubuhay ay galing sa lupa. At may mga pastol na naniniwalang nakakatulong ang dayap sa tupa kapag ito'y may dinaramdam, alam n'yo na, kapag may sakit, o iba pa. Gusto nila itong

himurin sa bato. Nakakita na kayo ng mga tupang gumagawa niyan, hinihimud nila ang bato. At upang mapahimud nila ang tupa sa bato, binubuhusan nila ng pulot ang bato. Pagkatapos ay hihimurin ng tupa ang pulot, at mahihimud din niya rin ang bato (Kita n'yo?), kapag—habang hinihimud niya ang pulot.

3 Buweno, mayroon tayo ditong sisidlang punong-puno ng Pulot. Ilalagay natin ito sa Bato, hindi sa anumang iglesia; sa Bato, kay Cristo Jesus. At kayong mga tupa ay humimud na ngayon, at tiyak na gagaling kayo kaagad. Lahat ng mga kabagabagan ng kasalanan ay maglalaho kapag himimud n'yo ang Bato. Iyun lang ang kailangan n'yong gawin. 8 May kung ano sa bato na nagtataglay ng kagalingan: kagalingan. Dati, bago sila nagkaron ng bakuna para sa kamandag, mayroong silang kung tawagin ay "mad stone." Kapag nakagat ang isang tao ng isang asong ulol, aba'y inilalagay nila siya sa mad stone na ito. At ngayon, kung ang mad stone... Kapag dumikit siya sa mad stone, gagaling siya; kapag hindi ito dumikit, kung gayo'y masyado nang malala ang pasyente, mamamatay na ito. 9 Kaya ganiyan din ngayon. Ang pinakamasahol na kagat na nalalaman ko ay hindi ang kagat ng asong ulol, kundi ng diablo. At may Bato tayo para diyan: Bato ng mga Kapanahunan. Mangunyapit lang kayo Rito. Habang nakakapit kayo, bubuti kayo. Huwag na huwag kayong bibitiw at aatras; manatili lang kayong nakakapit. Manatili kayo Rito, at—kayo'y—kayo'y gagaling.

4 Ngayon, bago tayo tumungo sa ating aralin sa gabing ito, nais muna nating tumayo sandali, kung maaari, para sa isang panalangin. 11 Hindi ikaw ang kapatid na babae ni Robert Daugherty, o ikaw ba, itong narito? Tumawag siya sa akin kahapon, sa wari ko, at nagsabing nais niyang maipanalangin siya. At hin-hindi ko alam; parang kahawig mo siya. Hindi ko alam kung ikaw ba siya o hindi. Nakita kita rito kagabi.

5 Ngayon, ilan ang nais na maalala sa harapan ng Diyos, o ang nais na kayo'y alalahanin ng Diyos? Inyo lamang… 13 Makalangit naming Ama, ga—gaya ng palaging inaawit ng aming tangapanguna sa pag-awit, "Alalahanin Mo ako kapag pumapatak ang mga luha," Panginoon, alalahanin Mo ako ngayon. Sa oras ng kamatayan, sa… Sa buong panahon ng buhay, nais naming alalahanin Mo kami, Panginoon. Huwag Mo kaming alalahanin bilang mga makasalanan, kung ano kami, ngunit nais naming alalahanin Mo kami bilang nagpahayag na mga Cristiano, na tinanggap namin si Jesus Cristo, ang Iyong Anak, at aming Tagapagligtas, para sa aming—upang maging pampalubag-loob sa aming mga kasalanan. Na

alam naming iyon lang ang tsansang mayroon kami, ang tanging daan, ang tanging paraan ng kaligtasan. Hindi sa pamamagitan ng anumang iglesia o sa anumang kagamitang mekanikal, o anumang organisasyon, kundi tanging sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. 14 Kaya lumalapit kami sa Kaniyang Pangalan ngayong gabi, humihiling na pagpalain Mo kami habang kami'y sama-samang nagkakatipon upang magaral ng Iyong Salita at malaman kung ano ang inilaan Mo para sa amin ngayong gabi, upang mapatatag namin ang aming—aming mga espirituwal na katawan sa isang masiglang iglesia, isang iglesiang maaari mong panahanan, at lakaran, at kapanatagan, habang lumalakad Ka sa kalagitnaan ng

Iyong bayan, tinuturuan kami kung ano'ng dapat gawin, at alam mong susundin namin kaagad. 15 At mahal Ka namin, Ama, ngunit batid naming hindi pa kami lubos na nakukundisyon upang magawa Mong makapangusap sa pamamagitan namin tulad ng nais Mo. Kaya't dumadalangin kaming Ikaw ay manuli; na, Iyong tagpasin ang lahat ng kahangalan, lahat ng labis na laman sa amin ngayong gabi, upang kami'y maging lubos na nakatalaga sa Iyo, upang magawa Mo kaming gamitin anumang oras. At idinadalangin naming maging ngayong gabi na ang pagkakataon na iyon, Ama, na gagamitin Mo kami upang mailabas ang mga tipak na gintong ito mula sa Biblia, at pakinatabin ang mga ito, at nang makita ng mga tao ang repleksyon ni Cristo sa dakilang kapanahunan ng iglesiang ito. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

6 Ngayon, natalakay na natin ang mga kapanahunan ng iglesia hanggang sa ngayong gabi tayo'y nasa ikaanim na kapanahunan na ng iglesia. Matatapos na natin bukas ng gabi ang mga kapanahunan ng iglesia, inisa-isa natin gabigabi, mula Lunes hanggang Linggo… At ang tawag sa kapanahunan ng iglesia ngayong gabi ay ang Kapanahunan ng Iglesiang Filadelfia. At ang bituin o ang—ang mensahero, ang mensaherong anghel ng kapanahunan ng iglesiang iyon, sa taimtim nating paniniwala, at nang buong puso natin, ay si John Wesley. 17 Nagsimula ang kapanahunan ng iglesia noong 1750 nang matapos ang kapanahunan ng iglesia ni Luther at tumagal hanggang 1900, mga 1906 A.D., ang kapanahunan ng iglesia ni Wesley. At ang lumabas mula riyan ang Laodicea. At ngayon, ang kapanahunang ito ay panahon ng, kapanahunan ng iglesiang puspos ng pag-ibig sa kapatid, ang dakilang panahon ng pagmimisyon at panahon ng bukas na pinto. At ang ganitimpala ay isang—isang haligi, ang maging isang haligi, at ang kapahayagan ng tatlong Pangalan: ang Pangalan ng Diyos, ang Pangalan ng Bayan ng Diyos, at ang bagong Pangalan ng Diyos, na

siyang kapahayagan na ibinigay sa iglesiang ito, sa kapanahunang ito. At ngayon, ang iglesia… Nagsimula ang kapanahunang ito sa Apokalipsis 3:7 hanggang sa ika 13 talata, at kasama ang ika 13 talata, Apokalipsis 3:7 hanggang 13.

7 Ngayon, nagbabalik-aral tayo sa mga ito nang kaunti gabi-gabi, nagbabalik-tanaw. At ang kapanahunan ng iglesia,ang una ay ang kapanahunan ng iglesiang Efeso. May makapagsasabi ba kaagad kung sino ang anghel o ang Liwanag, ang ministro ng kapanahunan ng iglesiang iyon? Si Pablo. Ang kapanahunan ng iglesiang Efeso, A.D. 55 hanggang 170. Ang dahilan kaya pinili ko ang 55, noon kasi siya nagpasimulang maglakbay sa pagmimisyon, at noon niya itinatag ang iglesia sa Efeso at ang—at ang iba'tibang mga iglesia sa bandang iyon. 19 Sige, ang ikalawang kapanahunan ng iglesia ay ang Smirna. May nakakaalala ba kung sino ang anghel ng kapanahunan ng iglesiang iyon, sinuman sa inyo? Si Irenaeus, ay tama. Sige, iyon ay mula 170 hanggang 312. 20 Ang ikatlong kapanahunan ng iglesia ay ang kapanahunan ng iglesiang Pergamo. May nakakaalala ba sa inyo, kung sino ang santo ng kapanahunan ng iglesiang iyon? Si Saint Martin ay tama. Mula 312 hanggang 606... 21 At ang kasunod na kapanahunan ng iglesia ay ang Tiatira. May nakakaalala ba ng santo at ng mensahero, anghel ng kapanahunang iyon? Si Columba, ay tama. At iya'y noong 606 hanggang 515. 22 Ang kasunod ay ang kapanahunan ng iglesiang Sardis, na tinalakay natin kagabi. At sino sa inyo... Siyempre, alam n'yo kung sino ang anghel ng kapanahunang iyon. Naaalala n'yo? Si Martin Luther. At ang sa kaniya ay mula 1520 hanggang 1750. 23 At ngayong gabi'y nasa kapanahunan tayo ng iglesiang Filadelfia, at si John Wesley, ang mensahero ng panahong iyon, mula 1750 hanggang 1906 A.D., at ito ang kapanahunan ng pag-ibig sa kapatid. 24 Ngayon, nakita nating bawat isa sa mga iglesiang ito, o mga kapanahunan ng iglesiang ito ay nagpahayag ng katangian ng iglesia. Isinaad nito kung ano ang iglesia at ang mga karakter nito, o ang katangian nito.

8 Ngayon, kagabi'y si Martin Luther ang tinalakay natin. Ako'y… Sa mga ito, Ako'y… Ang dahilan kaya kinukuha ko ito at inilalagay sa tape ng mga kalalakihan… Nagsasaliksik ako buong maghapon. At sasabihin n'yo, "Buong maghapon sa kakaunting kasaysayang nabibigay mo?" Hindi. Ang mga bahaging may kinalaman sa kasaysayan ay isasama sa aklat. Kita n'yo? Ang mga ito, Ako'y … Ang dahilan kaya tinatalakay ito, ay upang mahugot

ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng inspirasyon sa inyong harapan, habang nagkakatipon tayo upang makuha naman ang bahagi nitong may kinalaman sa inspirasyon… Ang kasaysayan, kaya kong basahin iyan mula sa aklat, ngunit dito ako nag-aabang ng inspirasyon; pagkatapos ay kukunin natin ito mula sa tape. At kung magkagayon nasa atin ang... Nasa atin... Sa aklat na ito kung gayon, makukuha natin kapuwa ang mga bagay-bagay patungkol sa kasaysayan at ang inspirasyong ipinagkaloob sa atin ng Espiritu Santo habang magkakasama tayo dito, sa makalangit na dakong ito kay Cristo Jesus. At naniniwala ako na dapat itong makabuo ng isang makapukaw-pansing munting komentaryo patungkol sa mga kapanahunan ng iglesiang ito. At pagpalain nawa ito ng Panginoon.

9 Ngayon, ang… Kagabi, ang kapanahunan ng iglesiang tinalakay natin ay ang Sardis, na sa katunayan ang ibig sabihin sa Griego ay, "ang nakatakas," ngunit sa wari ko ang salin sa Ingles ay "patay." Ngayon, isa itogn iglesia na kapuwa namatay at nakatakas, dahil ito ang iglesiang namatay sa ilalim ng paghahari ng papa noong 1500, o 1520, sa—sa kilalang paghahari ng papa na kung tawagin natin ay panahon ng karimlan; kung saan ang Cristianismo'y napasa pinakamababa nitong kalagayan o magiging kalagayan,

maging sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea.

10 Ngayon, ngunit isa sa mga kapansin-pansing bagay, huwag ninyong kalilimutan na sa pagsisimula ng mga kapanahunan ng iglesiang ito, anuman ang nasa sa isang kapanahunan ng iglesia ay nagpapatuloy sa bawat kapanahunan ng iglesia, at bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesia ay nagkakasanib-sanib. Kung pag-aaralan ninyong maigi ang kasaysayang nasa aklat , ay makikita ninyo. 28 Para itong pasasanib na ganito, nagpapatong-patong ang isa't-isa. At sa paglipas ng isang kapanahunan ng iglesia, ang anghel na dumating sa pagitan niyon ay mananawagan sa iglesia upang bumalik sa pananampalatayang naiwala nito. Palaging gano'n. 29 Tignan n'yo ang Judas, ang huling aklat sa Biblia (Kita n'yo?), bago n'yo marating ang Apokalipsis. Sinabi ni Judas, "Sumulat ako—sumulat ako sa inyo upang kayo'y makipaglabang masikap para sa pananampalatayang minsan nang ibinigay sa mga banal." Ang pagsasanib ng panahon, sa pagitan ng mga apostol at sa pagdating ng Apokalipsis, dahil lahat halos ng mga apostol ay patay na noon (Kita n'yo?), pumanaw na. May isa na lamang na nabubuhay noong panahong iyon, si San Juan na Mahal, na siyang tagapagpahayag o ang manunulat na nakatanggap ng Kapahayagan mula sa Anghel ng Panginoon upang isulat ang Aklat ng Apokalipsis.

11 Ngayon, kita n'yo, sila'y nagkakasanib-sanib. Kaya ngayo'y inyong... Palagay ko'y napuna n'yo iyon at nakuha n'yo, sa pagpapatuloy natin, tulad ng binabanggit ko. Kung papaanong maging dito sa—sa kapanahunan ng Sardis, na siyang kapanahunan ng kasalan. Ang totoo, lumitaw lang nang lubusan ang iglesia nung Tiatira, ngunit naikasal ito sa Sardis. At ang Sardis ay nangangahulugan ng pagpapakasal. 31 Ngayon, ngayon, kung napansin n'yo ikinasal ito rito, at sumanib sa kapanahunang iyon. At napansin n'yo ang panahon ni Luther, kagabi, lumitaw ito na may pangalang patay, isang pangalan ng patay, at pagkatapos ay ng nakatakas. Kita n'yo, nandito sa bandang ito ang patay na iglesia, at ang pagtkas ng munting nalabi na nailabas ay naganap sa kapanahunang ito. 32 At ngayong gabi habang tinatapos natin ang kapanahunan ng Filadelfia, pumapasok naman ang pasimula ng kapanahunan ng Laodicea.

12 At bukas ng gabi sa pagtatapos nito—sa bandang dulo, mapapansin n'yo, dumating ang anghel sa dulo mismo ng panahon, at sa huling panahon mismo, upang sawayin ang iglesia sa pagkawala ng kaniyang unang pag-ibig at kung papaanong lumayo ito sa Diyos tulad ng ginawa nila sa mga kapanahunang nagdaan. At sa panahong iyon darating ang pag-agaw upang iuwi na ang iglesia; aakyat ang iglesia sa panahon mismo ng mensahe. Kaya't papalapit na tayo sa kapanahunang iyon ngayon. Nakuha n'yo ba iyon? Sige. Kita n'yo? Sige. Kita n'yo, tiyempong-tiyempo naman sa pagdating ng anghel ng iglesia, ang mensahero ng panahon, upang sawayin sila sa pagkawala ng kanilang unang pag-ibig, sisikapin silang maibalik… 34 Ganundin ang gagawin ng mensahero ngayong gabi; magbabalik ang mensaherong anghel upang sawayin sila, ganiyan ang bawat kapanahunan, dahil sa kanilang ginawa. Kaya nagsasanib-sanib ang mga kapanahunan ng iglesia, nagpapatong-patong ang isa't isa nang ganiyan, tulad ng pag-akyat sa isang baitang, magkakapatong ito nang ganiyan, paakyat.

13 Ngayon, mayroon ako ritong isang maiksi lamang na kasaysayan tungkol sa mensahero para sa gabing ito, tungkol kay John Wesley. Si John Wesley ang bituin ng kapanahunan. At ipinanganak siya noong ika-17 ng Hunyo, 1703, sa Epworth rectory, England. Siya ang ika-labinlimang anak sa labinsiyam na magkakapatid. Sina John at Susanna Wesley, ang ama at ina… Ang ama ay isang mangangaral; ang ina ay isang konsegradong banal; bagama't may labingsiyam na anak na inaalagaan, nagawa pa rin niyang magkaroon ng maraming oras sa kaniyang abalang maghapon upang turuan ang kaniyang mga anak ng mga araling pang-Biblia, at mga kuwento ng Biblia, at pinagdarasal sila. Iyon ang humubog sa mga batang lalaking iyon sa kinalabasan nila. Ang dakilang manunulat ng awit na si Charles, na kapatid

niya, ay nagbigay sa daigdig ng ilan sa mga inspiradong awitin na napasaatin…

14 Si John, na kasa-kasama ni George Whitefield… Sina John—John Wesley at George—George Whitefield ang uanang tunay na nagtatag ng Metodist—o ng pagpapakabanal. 37 Maagang bumabangon si John tuwing umaga; bumabangon siya ng alaskuwatro tuwing umaga sa loob ng animnapung taon. Iyan ang isang bagay na hindi na nagagawa ng iglesia. Bumabangon siya tuwing umaga ng alaskuwatro at nagangaral na ng alas-singko ng umaga sa loob ng limampung taon na walang patid. At minsa'y nangangaral siya mula dalawa o apat na beses sa isang araw. Sinasabi ng mga taga Inglatera na nangangabayo siya ng apat na libo't limang daang milya kada taon upang ipangaral ang Ebanghelyo. Apat na libo't limang daang milya sa (Iyon ay milya ayon sa sukat ng Inglatera; alam n'yong mas mahaba iyon kaysa sa milya natin.) upang ipangaral ang Ebanghelyo...

15 Maraming mga aklat tungkol sa kaniyang—ay isinulat ng may paninirangpuri tungkol sa kaniya nung kapanahunan niya, sinisiraan siya, nililibak. Ngunit matagal nang nalimutan ang mga iyon sa ngayon; gayundin ang mga may-akda ng mga iyon. Hindi mo maaaring kalabanin ang isang anak ng Diyos nang hindi mo pananagutan; su—sumusuntok ka lang sa hangin. Itatawid sila ng Diyos sa anumang paraan. 39 Tinawag siyang Methodist dahil sa mga kaparaanan niya sa paggawa ng mga bagay-bagay. Sinasabi na sa kabuuan ng buhay niya ay nangaral siya ng mahigit sa apatnapung libong mga sermon. Isipin n'yo iyon: apatnapung libong mga sermon. Paagkatapos na pagkatapos niyang pumanaw noong 1791, nag-ugat ang denominasyong Methodist sa sanlibutan at napasimulan ang iglesiang Methodist. At, anupa't si

Asbury at marami pang iba ay naroon na nu'ng panahong iyon.

16 Ngayon, kung mapapansin natin ang pagbati sa ilesiang ito, sa pagsisimula natin ngayon sa ika-7 talata, ang mensahero ng Filadelfia. Ang tunay na iglesia sa… Ang tunay na iglesia sa nag-aangking iglesia, isa iyong tunay na iglesia sa nag-aangkin. ... sa anghel ng iglesia sa Filadelfia ay isulat mo;... 41 Tinawag ko na ang pansin n'yo sa pagsasanib ng bawat isa't sa mga ito. Ngayon, mailalagay n'yo rito, ang anghel... Kung mamatiyagan n'yo kung papaano niya inihatid ang kapanahunan ng Methodist sa pagsanib, at pagpasok nang kaunti sa Filadelfia—o sa Laodicea, sa panahon ng Pentecostal. At bukas ng gabi, magbabalik ang mensahero ng Pentecostal upang sawayin ang mga ito

sa pag-urong, kung papaanong sinaway sila ng mensahero ng panahong ito sa pag-urong dito sa Sardis, sa kapanahuna ni Luther, sa pagsasanib.

17 Pag-ibig sa kapatid... Isa itong dakilang panahon ng mga misyonero at pagmimisyon. Hindi pa nakita ang daigdig ng gayong panahon; maging hanggang sa panahon natin ngayon, na ang mundo ay nakasaksi ng gayong panahon ng mga misyoner sa lahat ng dako. Sa huling, oh, masasabi kong sa nakaraang sandaan at limampung taon, isa ito sa pinaka katangi-tanging mga panahon sa kasaysayan ng mundo para sa paghayo ng mga misyonero sa lahat ng bahagi ng mundo dala-dala ang Ebanghelyo. Ito'y naging... 43 Kung pag-uusapan ang literal na paghayo, pagpapadala ng mensahe ng Ebanghelyo sa papel at mga mumunting babasahin at mga aklat at iba pa, matagal nang nakarating ang ebanghelyo sa bawat bansa sa silong ng langit, matagal na panahon na. Kaya, kita n'yo, pinatutunayan no'n na hindi iyon ang sinasabi ni Jesus. Hindi Niya sinabing humayo sa buong sanlibutan at magtayo ng mga Bible school. Hindi rin Niya sinabing humayo sa buong sanlibutan at mamigay ng mga babasahin. Mabuti ang mga bagay na iyon.

18 Ngunit ang Kaniyang atas sa iglesia ay, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at inyong ipangaral ang Ebanghelyo." At ang Ebanghelyo ay hindi ang Salita lamang, kundi ang pagbibigay-Buhay sa Salita. Kita n'yo? Dahil pagdaka'y sinabi ni Jesus, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." Alam n'yo, sa Marcos 16, ang Kaniyang huling kumisyon sa iglesia ay, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." Ang Kaniyang unang atas sa iglesia sa Mateo 10 ay, "Mangagpagaling kayo ng mga maysakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangagpalayas kayo ng mga demonio; kung paanong tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad." At ang Kaniyang huling mensahe sa iglesia ay, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumampalataya ay parurusahan; at lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." 45 Hindi ba't nakapagtataka na pinuputol ng marami ang bahaging iyon? Ang "at" ay isang pangatnig na nag-uugnay sa iyong pangungusap. Kita n'yo? Ngayon, sinabi Niya, (Maraming ministro ang magsasabi, "Magsiyaon kayo at ipangaral ang Ebanghelyo"), "Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; at ang hindi sumampalataya ay parurusahan, at lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya. Mangagpapalabas sila ng mga demonio sa Aking Pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika. Kung makahawak sila ng mga ahas, o makainom ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; kapag ipinatong nila ang

kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Ang mga tanda ng buhay na Diyos ay kumilos sa kalagitnaan ng mga tao... Oh, hanggang saan? Sa buong sanlibutan. Nakuha n'yo? Buong sanlibutan

19 Kaya nga, kapag sinabi ko na ang mensaheng Pentecostal, hindi ang organisasyong Pentecostal ha, ang mensaheng Pentecostal ang tanging totoong mensaheng galing sa Diyos... Ngayon tignan n'yo, sa Marcos 16, kung binabasa n'yo Ito riyan. Tama, dito'y inatasan ni Jesus ang Kaniyang iglesia, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ninyo ang Ebanghelyo; ang mga tandang ito: pagsasalita ng iba't ibang wika, pagpapagaling sa mga maysakit, paggawa ng mga himala..." Hanggang saan ito magtatagal? Sa buong sanlibutan." Sa gaano karami? "Sa lahat ng kinapal." Iyon ay hanggang dito sa dulo, hanggang sa wakas. Tama.Dito lang ba sa iglesiang ito lalakip ang mga tandang ito? Sa mga sasampalataya sa buong sanlibutan. Sa buong sanlibutan, sa bawat kinapal, lalakip ang mga tandang ito sa kanila," hindi dito, sa mga sumasampalataya. Kaya isa itong iglesiang Pentecostal. Kita n'yo, kita n'yo?

20 Ngayon, isinama natin ang kapanahunang ito na ating tinatalakay ngayong gabi, ang Filadelfia, F-i-l, ang kapanahunan ng iglesiang Filadelfia. Sa kapanahunang iyan, naibanghelyuhan at namisyunan ang buong sanlibutan sa pamamagitan ng mga babasahin. 48 Ang sabi ni Jesus, "Kapag naipangaral na ang Ebanghelyong ito (naipangaral na ang ebanghelyong ito) sa buong sanlibutan bilang saksi sa Akin, kung magkagayo'y darating na ang wakas." Buweno kung gayon, kung iyon ang sinasabi Niya, ang pagpapangalat ng mga babasahin, pagsusugo ng mga misyonero na may dalang babasahing tungkol sa pagbabasa, pagsusulat, aritmetika, at pamimigay ng mga polyeto, at ang pagkamayin ang mga tao at paniwalain silang mayroong Diyos; kung ganu'n lang iyon, kung gayo'y matagal nang lumipas ang Kaniyang pagdating. Kita n'yo? Kaya ipinakikita nito na ang Ebanghelyo... Ang sabi ni Pablo, "Hindi dumating ang Ebanghelyo sa salita lamang, kundi sa kapangyarihan at mga patotoo ng Espiritu Santo. 49 Kung gayon nang sabihin ni Jesus, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo,"

ang sinabi Niya ay, ”Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at magpamalas.“ Oh, gusto ko iyon. Ipamalas ninyo ang kapangyarihan ng Ebanghelyo, na tinatanggap ang Salita ayon sa sinasabi Nito, at ipakita ninyo sa mga tao kung anong sinasabi Nito, at pagkatapos ay ipamalas ito sa kanila. Oh, ganu'n. Iyan ang nagpapatunay Dito.

21 Oh, nang tumayo sa aking silid nung araw na iyon ang dakilang si Morse Reedhead, ang presidente ng Sudan Missions, ang pinakamalaki sa mundo;

nang sabihin niya, “Brother Branham, ikaw bilang isang Baptist, dapat ay alam mo kung ano ang totoo.” 51 Ika ko, “Ang Biblia ang totoo.” At aniya, “Buweno…” Sabi niya, “Ano'ng taglay nitong mga Pentecostal na ito?” Sabi ko, “Ang Espiritu Santo.” Kita n'yo? At kaya sinabi niya, “Oh, nakita kong sinisira nila ang mga muwebles at tinatadyakan ito.” Ika ko, “Oo. Kaya lang nagkagano'n, ay dumistansya kasi kayo at inihiwalay ninyo ang inyong sarili sa kanila. Masyado silang mainit; napapaikot nila ang gulong at nakagagawa ng isang bagay, ngunit ipinasisingaw nila ang lahat ng ito sa silbato.” Nakita n'yo? Ika ko, “Kung ilalapag lang nila iyon dito, magtataglay sila ng mga tanda, ng mga kababalaghan, at mga himala, at lahat na. Ngunit hindi nila alam kung ano ang gagawin dito; kailangang mapakawalan ito, kaya isinisigaw na lang nila, at ibinubuga.” 52 Hm, mas gugustuhin kong ibuga ito kaysa pigilin, at hindi magkaroon ng anumang init na pasisingawin, kayo ba? Gaya ng sinasabi dati ng isang matanda, “Mas gugustuhin kong matakot sa isang munting marahas… Mas pipiliin kong magkaroon ng munting marahas na apoy kaysa lubos na mawalan ng apoy.”

22 Ang problema sa araw na ito, sinusubukan nating magpinta ng apoy, at sinasabi natin, “Alam n'yo, noong kapanahunan ng Pentecostes, ginawa nila ang ganito.” Ngayon, ano'ng buting maidudulot ng pagpapakita ng isang ipinintang apoy sa isang taong giniginaw (namamatay na sa ginaw)? Hindi iyun makatutulong sa kaniya kaunti man. Hindi. Kailangang... Kailangang taglayin niya mismo ang apoy. At kung may kapangyarihan ang Diyos na nagpapakilos sa mga Pentecostal para sa Panginoon, at nagpapaganap sa kanila ng mga gawa at mga tanda na kanilang ginagawa; kung hindi mo lang ipipinta ang larawan, kundi ihahatid mo ang sa realidad ang larawan sa kanila, makatatanggap sila ng kaparehong karanasan, kaparehong kaligtasan, at seselyuhan nila ang kanilang patotoo tulad ng ginawa nila dati. Kita n'yo? Ngunit kailangang dalhin mo ito sa kanila. Hindi mo dapat ilagay ito sa isang lumipas ng henerasyon, kundi dalhin mo iyon sa kasalukuyan.

23 Ngayon, nakita natin na ang kapanahunang ito ng pag-ibig sa kapatid ay isang dakilang kapanahunan ng pagmimisyon. Ang sabi ni Jesus, “Sa buong sanlibutan, at sa lahat ng kinapal, at lalakip ang mga tandang ito.”

Ngayon, sa pagdaan natin sa buong kasaysayan at sa buong Biblia, gusto ko kayong tanungin: hindi ba't sa bawat gabi… Nabasa natin dito sa Biblia kung ano'ng sinabi ni Jesus kay Juan na mangyayari, at dito mismo'y tinalakay natin ang kasaysayan at pinatunayan na ganap itong natupad. Iyan ang dahilan kaya't nahirapan ako nang husto sa pagsasaliksik sa mga lalaking ito upang makita kung nasaan ang lingkod ng Diyos na nagpatuloy na magdala ng mensaheng ito, ngunit naroon siya. Naroon siya, tulad ng sinabi ng Biblia: iningatan ang mensahe tulad ng sa pasimula, hindi ito biniro-biro. 56 At nakita nating muntik na itong lubusang malipol, at tinawag Niya ang kapanahunang iyon na isang patay na kapanahunan, madilim, at iba pa. At pagkatapos ay may lumitaw na munting liwanag, at lumakas pa nang kaunti, at ito'y humantong na muli sa Pentecostal (tunay na karanasan) dito sa huling panahon; at pagkatapos ay naagaw na ang Nobya, at umalis na Ito; at papasok ulit ang kapighatian (tama), ang dakilang kapighatian na darating sa buong sanlibutan.

24 Ngayon, ang dakilang panahon ng pagmimisyon, ng pag-ibig sa kapatid, ang panahon ng pagmimisyon… Hayaan ninyong banggitin ko sa inyo ang ilang mga dakilang lalaki at pagkatapos ay aking —isinulat ko rito ang kanilang mga pangalan: John Wesley; George Whitfield—Whitefield; siya'y nabuhay nung bandang 1739; Charles G. Finney, Dwight Moody, William Carey, ang mga dakilang misyonerong nagtungo sa India noong 1773, David Livingstone sa South Africa. Kita n'yo, ang mga iyon, ilan sa mga dakilang kalalakihan iyon. May mga pangalan ako rito ng marami sa mga lalaking nabuhay sa panhong iyon ng pag-ibig sa kapatid; na ang mga negro, mga puti, mga kayumanggi, mga dilaw, lahat ng pader ay nagiba, at humayo ang mga kalalakihang ito sa mga bukirin ng pagmimisyon. Pag-ibig sa kapatid, nagunat sila ng kamay sa lahat ng mga bansa, at nabuksan ito sa kanila upang sila'y makahayo. Isa pang panahon ng bukas na pintuan, dahil hindi nila magawang… Bago iyun ay hindi nila ito magawa, ang papa at—at sinarhan ito ng pamunuan ng papa sa Roma at iba pa kaya't di hindi sila makaparoon. Ngunit nabuksan sa panahong iyon ang mga pintuan, dahil sinabi Niyang isa itong kapanahunan ng bukas na pintuan.

25 Nagbukas sila ng maraming pintuan sa panahong iyon: ang pintuan ng Ebanghelyo, ang pintuan ng pagmimisyon, ang—ang—ang pintuan pabalik kay Cristo; at lahat ay nabuksan sa kapanahunang iyon. At makikita n'yo kung ano ang nagawa nila, nakagawa ng dakilang gawa ang kanilang mga kapatid mula rito. 59 At mula kay John Wesley, ang bituin matapos ang kapanahunan ng Sardis, nang dumating siya upang gisingin ang mga nanggaling sa kapanahunan ng

Sardis, sa loob ng sandaan at limampung taon napuntahan ang buong mundo ng mga dakilang misyonero (na hindi nangyari sa alinmang pagkakataon o kapanahunan dati). Isipin n'yo iyan. Bawat bansa sa silong langit ay nakarinig ng Salita. Nakumpleto na ito, maraming, maraming taon na ang nakalipas (Kita n'yo?), ngunit hindi ang Ebanghelyo, ang Salita lamang, "Ang titik ay pumapatay ngunit ang Espiritu ang nagbibigay-buhay." Kita n'yo?

26 Nang tumayo ako sa South Africa, doon sa entablado nang araw na iyon at nakita ko ang libo-libong mga nakaupo roon, mga Mohammedans. At may nakilala akong isang misyonerong Mohammedan. At ang sabi ng misyonerong Mohammedan na ito, "Oh, para sa mahalagang kaluluwang iyon." Ngayon, napakaraming taon nang naroroon ang lalaking iyon, at nakapag-akay siya ng isang Mohammedan kay Cristo. Dahil nanggaling ang mga Mohammedan mula sa Medes-o-Persia, kung papaanong ang mga kautusan nila ay hindi nagbabago o nag-iiba; kapag sila'y naging Mohammedan, Mohammedan na sila magpakailan man. 61 Kaya naroon ang isang kaluluwang iyon na sinasabi ng kapatid na ito, nakatayo roon sa bakuran ng Pretoria, ang kabisera ng South Africa. Doon iyon sa malayang estado, ang malayang estado, sa Orange state, at doon sa Transvaal. 62 At humayo kami mula roon, patungo sa Capetown at sa Bloemfontein, at sa gawing iyon; at dumaan kami ng Grahamstown sa aming pagbalik , sa east London, at bumalik na kami muli sa Johannesburg pag-alis namin sa Capetown, at humantong kami sa baybaying dagat.

27 Tama, ang huling bayang pinuntahan namin ay ang Durban, kung saan natipon namin ang karamihan sa mga katutubo, may mga sandaan at limampu hanggang dalawandaang libong katutubo ang naroroon, mga Mohammedans, mga katutubo, mayroong… Kinailangan nilang gumugol ng maraming linggo sa pagtawid sa… Ang karerahan, higit na mas malaki kaysa sa Churchill Downs, pangalawang pinakamalaki sa buong mundo; ang London ang may pinakamalaki, pagkatapos ang sa South Africa, at ang Churchill Downs. At naglagay sila ng mga bakod dahil may alitan ang mga tribo, at ang mga pulis (dalawa o tatlong daang bantay) ay nakatayo roon at pinapapasok ang bawat isa sa kanila sa mga bakod upang hindi sila mag-away-away, at kinuha ang kanilang mga sibat at mga punyal na kanilang dala-dala. Nakaupo sila doon sa lupa, nagkakasilipan sila sa bakod, may alitan ang mga tribo. Ang kanilang mga pinuno ay pasan-pasan ng kung sino, na pinapaypayan ng isang malaking pamaypay, at ganun din ang reyna. Dumating ang reyna ng Rhodesia na may kasamang dalawampu't pitong kargadong mga bagul, o tren, o mga bagul na

puno ng mga tao mula sa Rhodesia, upang dumalo ng gawain. At isang di pangkaraniwang tren ang dumating.

28 Gumawa ang Panginoon ng mga dakilang bagay, mga dakilang kababalaghan at mga tanda. At ano ang nakita namin? Si Sidney Smith, ang alkalde ng Durban, na lumabas nung araw na 'yon, ika ko, "Ano 'yong maliit na etiketa na nakaikot sa leeg ng taong iyon?" Isang negro, kung tawagin natin dito, ang lahi ng Negro… Sila ang pakay ng pangangaral ko roon. At marami sa kanila ang walang suot na damit, talagang wala, mga lalaki at babae. Kaya sila'y… May karga siyang rebulto; mayroon siyang munting etiketa sa kaniyang leeg. Sabi ko, "Para saan ang mga etiketang iyon na nasa kanilang leeg?" 65 Aniya, "Mga Cristiano sila." 66 Ika ko, "Cristiano? May hawak na rebulto?" 67 Sinabi niya, "Buweno, Brother Branham, Ako'y… Isa siyang Shangai," aniya, "nakapagsasalita ako ng wika niya." Ika pa niya, "Pumunta na lang tayo roon, at kausapin mo siya, tawagin mo siya ng anumang gusto mo. Magsalita ka lang na parang bang gusto mo siyang tanungin ng kahit ano'ng tanong; tatanungin ko siya, at sasabihin ko sa'yo kung anong sinabi niya."

29 Kaya ang sabi ko, "Kumusta ka Tomas?" At tinawag ko siyang Tomas, dahil naisip kong isa iyong mainam at angkop na pangalan. At ika ko—ika ko, "Ku-kumusta ka, Tomas?" At tumingin siya sa akin. At sinabi ko, "Cristiano ka ba?" 69 "Opo," isa—isa siyang Cristiano. 70 At sabi ko... Anopa't hindi niya ako kilala. Hindi niya—hindi pa kami nakita ng isa man sa kanila. Kaya sinabi ko, "Anong ginagawa mo sa rebultong iyan?" 71 Kaniyang, "Oh, binitbit din ito ng kaniyang ama dati." Kita n'yo, iyon ay—diyos 'yon. Kita n'yo? 72 At sabi ko, "Binit-... Binitbit din ng iyong ama," ika ko, "Buweno, hindi—hindi iyon dahilan para bitbitin mo rin ito. Isa kang Cristiano, hindi ka dapat nagdadala nito." 73 Aniya, "Buweno, isang araw ay hinabol ng leon ang kaniyang ama, at gumawa siya ng munting apoy at inusal niya ang panalanging sinabi ng mangkukulam sa rebultong ito, at naitaboy ng rebulto ang leon." Marami sa kanila ang napapatay ng mga hayop doon. At kaniyang…

30 At sinabi ko, "Tignan mo, ang—hindi ang panalangin na sinabi sa'yo ng mangkukulam ang may gawa no'n; ang apoy ang nakapagpatakbo sa leon."

Ika ko, "Takot ang leon sa apoy." At sabi ko pa, "Bilang isang Cristiano, Tomas, hindi ka dapat nagdadala niyan. Hindi ka dapat magkaroon ng anumang kinalaman diyan." 75 At sabi niya, "Oh, buweno," aniya, "kung si Amoyah…" Iyon ay ang hindi nakikitang kapangyarihan, "ang aming hindi nakikitang Diyos." Ang "Amoyah" ay nangangahulugan ng isang bagay, "isang puwersang tulad sahangin." Aniya, "kung—kung mabibigo si Amoyah, ito'y hindi." Kaya pareho niyang dala-dala ang mga ito, "Pag hindi gumana ang isa, 'yung isa ang gagana." Ngayon, iyon ang lakas ng Cristianismo. A-ha. Siya nga. Ay, naku.

31 Ngunit nang hapong iyon, nang bumaba ang Espiritu Santo sa gawain na ginanap sa karerahan at nagpasimulang maghayag ng mga lihim ng puso, matapos kong kunin ang Kasulatan… 77 Mga isang oras, samantalang labinlimang minuto lang talaga akong nangusap, dahil mayroon silang labinlimang iba't-ibang mga tagasalin na kailangan nitong daanan. Kaya ako'y—ako'y magsasalita na tulad ng, "Si Jesus Cristo na Anak ng Diyos"; at sasabihin ng isa, "bah, bah, bah, bah, bah"; ang isa naman ay, "gloo, gloo, gloo, gloo"; at pagkatapos, "um, um, um," ganiyan; lahat ay nangangahulugang "Si Jesus Cristo na Anak ng Diyos"; mga tagasalin. Kinailangan kong isulat ang huling sinabi ko; hindi ko kasi malalaman kung nasaan na siya, at maghihintay ako hanggang sa sila'y matapos.

32 At pagbalik nito, ang sabi ko, "Ngayon, sinabi sa inyo ng misyonero ang tungkol sa isang Jesus na darating upang magligtas sa inyo." Makikita mo silang nagtititigan sa isa't-isa, alam n'yo na, iba't-ibang mga tribo, at sa buong dakong iyon. Ang sabi ko, "Sinabi iyan sa inyo ng misyonero. Ngunit ang misyonero bang iyon... Sa pagbabasa ng Aklat na ito, nakita n'yo ba na isa Siyang dakilang Manggagamot at sinabi Nyang mananahan Siya sa mga tao sa buong panahon hanggang sa muling pagbabalik Niya? 'Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo'? Kayong mga tumanggap kay Cristo bilang inyong Tagapagligtas, na nakasuot ng mga etiketang iyan, gusto n'yo bang makitang bumalik dito si Jesus sa araw na ito at lumakad sa kalagitnaan ng mga tao at gawin ang tulad ng ginawa Niya nung Siya'y naririto pa sa lupa? 79 Oh, lahat sila'y nagsabi, "Sige." Gusto nilang makita iyon. Kita n'yo? Gusto nila iyun.

Ang sabi ko, "Kung gayon, kung gagawin Niya iyon, at gagamitin kami rito upang gawin ang tulad ng ginawa Niya nang Siya'y narito pa sa lupa, mananampalataya ba kayo sa Kaniyang Salita?" 81 "Aba'y, oo." Kita n'yo, nakaupo roon ang mga Mohammedans…

33 Ang una—ikalawang tao na umakyat sa entablado ay isang babaeng Mohammedan. Nangusap ang Espiritu Santo, sinabi ko mismo sa babae; ika ko, "Ngayon, alam mong hindi kita kilala; ni hindi ako makapagsalita ng wika mo." At sinang-ayunan niya iyon. 83 Mayroon siyang pulang tanda dito sa pagitan ng kaniyang mga mata, na nangangahulugang isa siyang purong Mohammedan. Kaya sinabi ko, "Buweno, ngayon, para pagalingin ka, hindi ko iyon magagawa." Ngunit ika ko, "Nauunawaan mo ba kung ano ang sinabi ko ngayong hapon, ang mensahe?" 84 At sumagot siya sa tagasalin na Mohammedan na… Isa siyang Indian, taga India siya. Aniya, "Oo, naunawaan niya. Nabasa na niya ang Bagong Tipan." Oh, siya nga. A-ha. 85 Kita n'yo, naniniwala rin sila sa Diyos. Mga binhi rin sila ni Abraham. Kita n'yo? Ngunit aniya... At naniniwala siya sa Diyos, ngunit naniniwala siyang si Mohammed ay Kaniyang propeta. At nananampalataya tayong si Jesus ay Kaniyang Anak. Kita n'yo? Kaya sinabi niya, "Oh, na—naniniwala siya sa Diyos."

34 At ang sabi ko, "Ngayon kung alam mo ang Lumang Tipan at alam mong nanahan ang Diyos sa mga kalalakihan ng mga nagdaang panahon, kung gayon si Jesus, ang tinatawag naming Cristo, ay nakatakdang maging Diyos na propeta. Oo, pinatay nila Siya. Iniisip n'yong hindi, dahil ang sabi n'yo na sumakay siya sa isang puting kabayo at umalis. Iyan ang itinuturo sa inyo ng inyong mga pari, na hindi siya pinatay. Ngayon... At namatay siya sa isang karaniwang kaparaanan sa ibang lugar, makalipas ang ilang mga taon." 87 Ang sabi ko, "Naniniwala ka ba ro'n. Ngunit ang Jesus na ito, ayon sa Bagong Tipan, namatay Siya at nabuhay na mag-uli, at isinugo ang Kaniyang Espiritu pabalik sa Kaniyang iglesia." Ngayon, nahuli mo na sila. Kita n'yo? Iyon mismo ang ipinanghamon ng Mohammedang iyon kay Billy Graham (Kita n'yo?), iisang bagay, iisang prinsipyo. 88 Ang sabi ko, "Ngayon, kung… Hindi nangako ng anuman sa inyo si Mohammed. Ngunit nangako sa amin si Jesus, na ang mga gawang ginawa Niya, ay gagawin din naman namin. Ngayon, naaalala mo sinabi Niya sa San Juan 5:19, 'Wala Akong ginagawang anuman maliban na ipakita sa Akin ng Ama.'" Ang sabi ko, "Ngayon, kung darating si Jesus at ipakikita sa akin

kung ano ang suliranin mo, o kung bakit ka naririto, sasabihin sa iyo kung ano'ng kahihinatnan mo, kung ano ang iyong nakaraan, at kung ano ang magiging hinaharap mo, at kung masasabi Niya sa'yo ang iyong hinaharap— ang nakaraan mo, tiyak na maniniwala ka kung ano ang mangyayari sa hinaharap." Ang sabi niya, "Totoo iyan." Kita n'yo, sa pamamagitan ng tagasalin. At sinabi ko, "Sige, nawa'y gawin Niya ito."

35 At lahat ng mga Mohammedan ay nagtitindigan, nagmamasid, alam n'yo na. At nang sabihin ng Espiritu Santo, "Ang iyong asawang lalaki ay mababa, matabang lalaki na may maitim na bigote... Nasa duktor ka, mga tatlong araw na ang nakalipas."Ang sabi ko, "May dalawa kang anak. Binigyan ka niya ng isang pambabaeng pagsusuri; ang sabi niya may bukol ka sa sinapupunan." 90 Tumingin siya sa ibaba at yumuko; aniya, "Totoo iyan." 91 At sabi ko, "Ngayon, kung nabasa mo ang Bagong Tipan, tulad ba iyon ni Jesus Cristo na nangusap sa babae sa balon?" 92 "Totoo iyan." 93 At sabi ko, "Buweno, bakit ka lumapit sa akin na isang Cristiano? Bakit hindi ka nagpunta sa inyong propetang Mohammedan?" 94 Aniya, "Palagay ko'y matutulungan mo ako." 95 At sabi ko, "Hindi kita matutulungan. Ngunit kung tatanggapin mo itong si Jesus na naririto ngayon, na nakaaalam ng iyong buhay at ng lahat ng tungkol sa'yo, tutulungan ka Niya." 96 Ang sabi niya, "Tinatanggap ko si Jesus bilang Tagapagligtas ko." 97 Nakuha do'n. Iyon na nga. Sampung libong Mohammedan ang lumapit kay Cristo nung hapong iyon. Kita

n'yo? Mga tatlumpung taon sa pagmimisyon, at iisa ang naakay sa pamamagitan ng babasahin, samantalang sa loob lamang ng limang minuto ay sampung libo ang lumapit sa pamamagitan ng naipamalas na Ebanghelyo.

36 Hindi tayo sinabihan ng Diyos na magtayo ng mga simbahan, ni magtayo man ng mga iskwelahan. Ayos lang ang mga iyon. Alam ng Diyos na kailangan natin ang mga hospital at iba pa; programa Niya iyon; ngunit ang atas sa iglesia ay ipangaral ang Ebanghelyo. Ngunit namigay tayo ng mga polyeto, ng mga babasahing galing sa Asbury, sa magandang dakong ito na… Pagpalain ng Diyos ang mga taong iyon, ang Methodist college na narito sa Wilmore, Kentucky, ay isa sa pinakamainam at espirituwal na mga dako sa mundo, sa palagay ko, sa panahong ito. Mabubuti silang mga tao.

37 At pababa ako galing sa… Nalimutan ko ang…Sa Rhodesia 'yon, ngunit hindi ko alam ang pangalan ng bayan. Billy, naaalala mo ba? Salisbury, tama, New Salisbury. Siya ang aking memorya. New Salisbury, Rhodesia… At pababa kami galing sa Rhodesia, at nakakita ako ng American passport nang kami'y papasakay sa eroplano, isang binatilyo at tatlong dalagita. At sabi ko—lumapit ako sa kanila at sinabi ko, "Kumusta kayo." Sabi ko, "Nakita kong mayroon kayong American passport." 100 Sabi niya, "Nakapagsasalita ka ng Ingles." Sabi ko, "Oo," ika ko pa, "A—Amerikano ako." 101 Aniya, "Buweno, mabuti 'yan." Sabi ko, "Namamasyal ba kayo." Aniya, "Hindi, mga misyonero kami." 102 Sabi ko, "Oh,mabuti naman." Sabi ko, "Tunay na nagagalak akong makilala kayo." At sabi ko, "Taga saan kayo? Anong kinabibilangan n'yong simbahan o organisasyon, o sariling lakad n'yo?" Aniya, "Hindi, mga Methodist kami. Mga taga Wilmore, Kentucky kami." 103 Sabi ko, "Halos sa bakuran ko lang iyon sa amin." Ika ko... Aniya, "Huwag mong sabihing ikaw 'yung Brother Branham na naririto?" 104 Sabi ko, "Oo. Tama." At natigilan siya ro'n (Nakita n'yo?); hindi na siya nagsalita pa. At na—nakita ko ang inugali niya, tumingin siya sa mga dalagita; nagtinginan ang isa't-isa sa kanila. Sabi ko, "Sandali lang, anak." Isa lamang siyang binatilyo. Ang sabi ko… At ang mga dalagita. At sabi ko, "Gusto ko sana kayong makausap sandali tungkol sa mga prinsipyo bilang mga Cristiano, na lahat naman tayo, at narito tayo para sa iisang dakilang layunin. Gusto ko kayong tanungin, kayong tatlong dalagita at ikaw na binata, maaari n'yo bang sabihin sa Pangalan ng Panginoong Jesus… Ang sabi n'yo dalawang taon na kayo rito. May maituturo ba kayo kahit isang kaluluwa na naakay n'yo sa Panginoon: isang kaluluwa?" Wala silang maituro: kahit isang kaluluwa. 105 Sabi ko, "Ayaw kong saktan ang damdamin n'yo, sa anumang paraan." At sabi ko, "Pinahahalagahan ko ang ginagawa n'yo; ngunit kayong mga dalagita ay dapat nasa bahay n'yo at tumutulong sa inyong ina sa paghuhugas ng mga plato. Iyon talaga ang tama. Hindi kayo dapat naririto. Ganu'n nga."

38 At walang karapatan ang sinuman na humayo malibang natanggap na nila ang Espiritu Santo at nangangaral sila ng kapangyarihan ng pagpapahayag, dahil ito lang ang tanging bagay na makatitinag sa mga taong iyon. At tignan

nyo ang pag-aalsang dinadanas n'yo ngayon at lahat na; ito'y dahil hindi naipangangaral ang tunay na Ebanghelyo sa kanila. Ibinigay ito sa kanila sa anyong salita, buweno, at nakikita n'yo ba kung ano 'yon? Pagpapatuloy ito ng pagtakas ng kapanahunan ni Luther, kung saan naibigay sa mundo ang malayang pagpapahayag (Tama.) - o ang libreng Biblia.

39 Ngayon, ngayon, ang kapanahunan, ang dakilang kapanahunan… Ngayon, magsimula na tayo. Wari ko'y nasa… Iyan ang pagbati, ang ikapitong talata. Sa pamamagitan… … sa… Filadelfia ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinoman, at naglalapat at di maibubukas ng sinoman. 108 Matinding pangungusap, hindi ba? Babalikan ko iyan maya-maya lang, dahil ito'y—ito'y may higit pang pinatutungkulan sa Kasulatang narito. Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di malalapat ng sinoman: na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan. 109 Ngayon, ngayon, masdan n'yo ang paparating na panahon, matapos ang dakilang kilos ng pagmimisyon na nagpalaganap ng pag-ibig sa kapatid sa lahat ng mga bansa, upang ihatid kung anong mayroon sila. Wala akong anumang laban sa mga babasahin at anupaman, na dinala sa iba't-ibang bahagi ng mundo. Ngayon, ang iglesiang denominasyon ay bumalik na sa edukasyon, mga gawa na naman (Kita n'yo?), muli silang bumalik. 110 Matapos maitatag ang dakilang denominasyon, naglagay si Jesus ng isang pintuang bukas. Matapos dumating ang kapanahunan ni Wesley, at maitatag sa lupa ang iglesiang Methodist, na nag-ugat, lumalago, nagtatayo ng dakilang iglesia tulad ng kung ano ito sa ngayon, isa sa pinakamalaki sa mga iglesiang Protestante, at sa panahong iyon, ang naganap no'n ay naglagay si Jesus ng pintuang bukas para sa iglesia bago sila pumasok sa kapanahunan ng Laodicea.

40 Kaya ko ito sinasabi nang ganito, ay upang makita n'yo ang ibig kong sabihin sa pagsasanib. Kita n'yo? Galing ito sa panahon ng pintuan sa pagmimisyon. Ngunit, kita n'yo, sinabi Niya sa kanila na hawak Niya ang susi ni David at iba pa. Ngunit sinabi Niya rito na naglagay Siya sa harap ng iglesia ngayon, matapos ang panahon ng pagmimisyon, at ni Whitfield, at ng lahat ng iba pang iyon, at nina Finney, Sankey, at Moody at ng iba pa (Isa si Moody sa mga panghuli), humantong sa paglalagay Niya ngayon ng isang pintuang bukas sa harap ng iglesia. Oh, ito ang dapat ninyong masdan ngayon. Nasa pagitan ito

ng kapanahunan ng Filadelfia at ng Laodicea, sa pagsasanib.

41 Si Jesus ang Pintuan. Ngayon, kung sasamahan ninyo akong bumuklat sa San Juan 10:17… Susugan natin ito ngayon tiyaking marami sa inyo ang maniniwala. At may magsasabing, "Buweno, hin—hindi ko… Sinabi niya lang iyon." Gusto ko lang basahin ito: ika-10 kabanata at ika-17 talata ng San Juan: San Juan 10:17. Sige, mababasa natin ang mga Salitang ito. Ipagpaumanhin ninyo, San Juan 10:7, hindi 17. Muli ngang sinabi sa kanila ni Jesus… Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Ako ang pintuan ng mga tupa. 113 Iyan ay papasok muli sa pagpapala. Papaano tayo pumapasok kay Cristo? Ano ba Siya? Ang kulungan ng tupa. Madalas ko iyong pag-isipan, "Ano? Puwede ba Siyang maging Pintuan, bilang isang Tao?" Ngayon, doon sa— doon sa mga bansang silanganan, natuklasan ko isang araw nang mapansin kong ipinapasok ng pastor sa gabi ang mga tupa sa loob ng kural, pinadadaan sila sa isang pintuan. At pag naipasok na niyang lahat doon, binibilang niya ang lahat ng mga iyon upang malaman kung nakapasok na nga ba ang bawat isa. At pagkatapos ay nahihiga siya mismong pintuan. Walang anumang makapapasok sa mga tupa, o walang tupang makalalabas nang hindi dadaan sa kaniya. Kaya si Jesus ang Pintuan (Kita n'yo?) ng mga tupa.

42 At minsan ay nakasakay ako sa isang maliit na British jeep, at sinabi ko sa kasama ko; Ika ko, "Ang mga iyon ay..." Tumatawid sa bayan ang mga pastor, at may sumilbato, at lahat ay nagsipagpreno, at inisip ko, "Ano ba ang nangyayari?" May isang pastor na tumatawid sa bayan kasama ang kaniyang mga tupa. 115 Ngayon, sa silangan, iba kaysa rito. Inilalapag nila ang kanilang mga paninda sa gilid ng bahay sa mga palengke. At may mga mansanas at mga peras, at kung anu-ano pang uri ng mga prutas, at mga ubas na nakasalansan nang maganda, nakasalansan na ganiyan sa bastagan, pababa. At bawat isa sa mga nagtitinda ay humahatak sa iyo upang bumili ng kanilang mga prutas at iba pa.

43 Buweno, ang pastor na ito, tinahak niya ang malaking kalsada. Ika ko, "Kapatid, dito na magsisimula ang kaguluhan; tatayo ako at papanoorin ko." 117 At sinabi ng kapatid na lalaking kasama ko, "Masusurpresa ka, Brother Branham. Pagmasdan mo." Lahat ay huminto. Lumakad ang pastor, di alintana ang anuman, maayos na sumusunod sa kaniya ang bawat tupa. Kapag humihinto siya at pumipihit, bawat tupa sa likuran niya ay hihinto rin sandali at pipihit, sunod-sunod silang pumipihit nang gano'n. 118 Oh, ganiyan natin sinusundan ang Pastor. Tama. Bumagbagtas siya sa kalagitnaan ng kalsada upang kumuha ng isang bagay sa kabilang dulo, at

sumusunod sa kaniya ang mga tupa na parang aso. Palinga-linga sila sa mga paninda, ngunit sumusunod sila sa pastor. Oh, gusto ko iyon. Kita n'yo? Sabi ko, "Oh, kapatid, sana'y kaya kong magsalita ng lengguwaheng ito; mangangaral ako ngayon din." Hayan na nga. Oo, hindi siya lumiliko sa kanan man o sa kaliwa, kundi patuloy na sumusunod sa pastor.

44 Ganiyan ang ginawa ng iglesia sa buong panahong nagdaan; patuloy na sumusunod sa Pastor, sa Espiritu Santo na umaakay sa atin sa Buhay na Walang Hanggan; hindi lumiliko dahil ang isang ito ay malaki at magandang iglesia, at ang isang ito nama'y maraming mga duktor at ganito at ganyan, kundi patuloy na sumusunod sa Pastor. Saan man tumungo ang Pastor, sumusunod ang mga tupa, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking tinig, at sa iba'y hindi sila susunod." Tama. Kaniyang... Alam ng pastor na iyon kung papaanong umigik at lahat na upang mapakilos nang matino ang mga tupang iyon. 120 At nang makalabas kami sa bayan, kamangha-mangha, nakakita ako roon ng kaparangan at may mga lalaking nakahiga kung saan-saan; mayroon sila roong mga asno, at mga baka, mga baboy, mga tupa, mga kambing at lahat na. At sabi ko, "Buweno, ano ang mga lalaking naroroon?" Aniya, "Mga pastor." At sabi ko, "Pastor na nag-aalaga ng mga asno?" At ang sabi niya, "Opo." Buweno, ika ko, "Akala ko ang pastor ay para sa mga tupa lang." 121 Ang sabi niya, "Hindi po. Ang 'Pastor' ay isang 'tagapag-alaga ng hayop, tagapagpastol.' At doon sa inyong bayan, tinatawag silang cowboy at iba pang tulad niyon." Ika ko, "Oh, nauunawaan ko na, ang pastor ay tagapag-alaga ng hayop." "Opo." "Binabantayan niya ang kawan." 122 "Tama iyan." Aniya, "Ang nakapagtataka ay sa gabi, samantalang ika'y— kapansin-pansin… Ikaw bilang isang ministro, at marahil ay magsabi ako sa inyo ng isang bagay." Aniya, "Pagsapit ng gabi… Totoong pinapastulan niya bawat isa sa kanila, ginagabayan sila at tinutulungan sila at tinitiyak na nakakukuha sila ng mabubuting bagay sa maghapon. Ngunit pagsapit ng gabi lahat ng mga mola, at mga asno, at mga kamelyo, at anupamang mayroon siya, ay naiiwan doon sa parang. Ngunit tinitipon niya ang mga tupa at dinadala sila sa kural."

45 "Oh," ang sabi ko, "Panginoon, gawin Mo akong isang tupa, anuman ang gawin Mo." Kita n'yo? Dahil sa pagsapit ng gabi, gusto kong maparoon sa kawan ng mga tupa. Pumasok sa Pintuan; dumaan sa Pintuan. Dito sa San Juan 17:7, o—o sinabi Niya, "Ako ang..." O, sa 10:7, pala, ang sabi Niya, ... Ako ang pintuan ng mga tupa.

Ang lahat ng nangauna sa aking nagsiparito ay mga magnanakaw at mga tulisan: datapuwa't hindi sila dininig ng mga tupa.

Ako ang pintuan: ang sinomang taong pumasok sa akin, ay siya'y maliligtas, at papasok at lalabas, at makasusumpong ng pastulan. 124 "Ngayon, naglagay Ako sa harapan ng iglesiang ito, sa pagitan ng

kapanahunan ng Filadelfia at Laodicea, ng isang pintuang bukas.” Oh, nauunawaan n'yo na ba ngayon? Nagbubulay ba kayo nang husto? Makinig kayo ngayon; mainam ito. Sinasabi ko sa inyo; ito'y Pulot doon sa Bato, kinikuha lang natin ang mga ginintuang tipak at pinakikintab.

46 “Ako ang Pintuan ng mga tupa.” Ano na ang Pintuang nailagay? Magbalik-alaala tayo. At mula roon sa dakilang kapanahunan ng pagmimisyon ng mga Methodist, na lumaganap sa buong bansa na may mensahe ng pagpapakabanal, kay Luther sa pamamagitan ng pag-aaring ganap; sumunod si Wesley na may mensahe ng pagpapakabanal. At sa dulo ng kapanahunan ng Methodist, sa kawakasan, nang ito'y mag-ugat at maging isang malaking organisasyon… At kapag ang anumang iglesia… 126 Ngayon, makinig kayo, matigas iyan. Ngunit gusto kong ipakita sa akin ninuman sa pamumulot sa kasaysayan na may anumang iglesiang pinalitaw ang Diyos na dumating sa daan ng Pentecostal nang walang anumang oganisasyon; at nang mag-organisa ito, namatay ito at hindi na muling nakabangon pa. Oh, nagpatuloy ang pagsapi, ngunit hindi na sila nagkaroon ng revival. Hindi na bumangon ang revival ni Luther, maging ng Methodist; at hindi na rin babangon ang revival ng Pentecostal. Hindi na po. Inorganisa nila ito, at sinabi ng Diyos sa mga kapanahunan ng iglesia na kinapopootan Niya ang bagay na ito, ang aral ng Nicolaitanes.

47 Ngayon, tandaan, hindi tayo nangungusap laban sa kaninuman. Nakakalat ang mga mabubuting tao. Ang mga tupa ng Diyos ay nasa iba't ibang lugar. Totoo iyan. Tama. Mga Methodist, mga Baptist, anuman sila, mga tao sila ng Diyos kung sila'y ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos, mga tao sila ng Diyos; ngunit namulikat sila gawa ng mga organisasyon. At nagsipagdala sila ng sulat mula sa Methodist papunta sa Baptist at sa Campbellite, at lahat na, hanggang sa nagulanit na ang kanilang mga sulat sa kalilipat-lipat ng mga ito.

48 Tama, ganu'n ang pagkasabi ng Panginoon sa dulo ng kapanahunang iyon, “Ako ang Pintuan ng mga tupa.” Ngayon,anong pintuan ang nabuksan tungkol kay Jesus, sa pagitan ng dalawang kapanahunang ito? 1906, mga bandang kapanahunan ng Methodist at—at—at nang unti-unti nang naglaho si Dwight Moody at ang iba pa sa kanila sa eksena, dumagsa ang mga taong nakatatanggap ng Espiritu Santo, nagsasalita ng iba't-ibang wika at nagbalik ang mga bagay-bagay sa iglesia. Iyon ay nu'ng bandang 1906, mga ganu'n. 129 Tama, anong nangyari nu'n? Nang magsimula na iyong dumating, kamukat-mukat mo, itinatag na nila ang lumang General Council na nakapasok, na ngayo'y tinatawag ng Assemblies of God (Kita n'yo?), mula sa iglesiang iyon na umabot sa pagsasanib ng panahon. At ano'ng nangyari nang magkagayon? Naglagay Siya ng isang pintuang bukas, isang pintuang bukas.

49 Ngayon, basahin na lang natin, at sasapuhin ko nang sunod-sunod ang bawat salita ayon sa pagkakahatid Niya. Kita n'yo, “Narito… Tignan natin: … di mailalapat ng sinoman;…

… inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas,… 131 Nasa kabilang banda ito. Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman:... 132 “Isang pintuang bukas,” ano iyon? Ito ang kapahayagan ng kataas-taasang Pagkadiyos ni Jesus Cristo, hindi bilang ikalawang persona ng trinity, ngunit bilang Diyos Mismo na nagkatawang-tao at nananahan sa kalagitnaan natin. At ang kapahayagan... 133 Ngayon, kung papansinin n'yo, sandali, ituloy pa natin nang kaunti an gating pagbasa. ...makapaglalapat nito:... na ikaw ay may kaunting kapangyarihan,... at hindi mo ikinaila ang aking pangalan. 134 Ito ang unang pagkakataon na nabanggit ang Pangalan mula pa sa nagdaang kapanahunang ito, naiwala ang Pangalan nito; at dumating si Luther na may pangalan na siya'y buhay samanatalang patay naman (Tama ba iyon?), Ama, Anak, at Espiritu Santo. Dito'y dumating muli ang Pangalan ni Jesus sa pagitan ng dalawang kapanahunang ito, sa gitna: ang pintuang bukas. Ngayon, ito ay kapahayagan ng kung ano Siya, ang Pagkadiyos, ang mga kapahayagan ng Kaniyang Pagkadiyos.

50 Ngayon, iyon ang Kaniyang ipinahayag sa kauna-unahang kapanahunan ng iglesia. Ngayon, masdan n'yo. Nang makita siya ni Juan na nakatayo sa pitong kandelabrang ginto, nakatayo Siya na nakaunat ang Kaniyang mga

kamay. Narito ang unang kandelabra, ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, ikapito, nakaunat ang Kaniyang mga kamay sa anyong krus. Ang sabi Niya, “Ako ang Alpha at Omega.” Sa ibang salita, “Ako'y magiging kataas-taasan sa simula; Ako'y magiging kataas-taasan sa wakas.” Sumisikat ang Liwanag sa silangan at lumulubog sa kanluran. Isa itong makulimlim at madilim na panahon, ngunit “Magliliwanag sa panahon ng gabi.” Ang kapangyarihan ng Ebanghelyo na sumikat dito sa bandang silangan, ay sumikat at ngayon ay nasa bandang kanluran na, “Alpha at Omega, Ako ang A at Ako ang Z.” Sa kaniyang kamay… Nakuha n'yo?

51 Ngayon, anong ginawa Niya sa unang kabanata ng Apokalipsis? Ipinahayag Niya ang Kaniyang kataas-taasang Pagkadiyos sa unang iglesia: sa Efeso. Tama ba? Ngunit, pansinin n'yo ngayon. Sa bawat isang iglesiang ito hanggang sa bandang ito, ipinahayag Niya ang Kaniyang Pagkadiyos sa Kaniyang niluwalhating anyo lamang; ngunit sa huling ito, Siya'y naging Z, balik muli sa orihinal na pasimula (Kita n'yo?), “Ang Una at ang Huli.” Sa unang kapanahunan noon, ngayon naman sa huling

kapanahunan, dahil sinabi Niya, "Ako ang Una at ang Huli." At… 137 Ngunit sasabihin mo, "Papaanong nangyari iyan? Anong uri ng tao ang gumawa niyan?" Isa itong kapahayagan. Marami sa inyo rito ang nakatanggap nito, dahil ang Kaniyang buong… May sasabihin akong isang bagay ngayon. Tignan n'yo. Ang Kaniyang buong iglesia ay itinatag sa Makalangit na mga kapahayagan ng Kaniyang Sarili. Tama ba iyon? Kung hindi ka naniniwala diyan, buklatin natin ang Mateo 16:18; makikita n'yo sa isang sandali na ang buong kapahayagan ay itinatag sa Kaniyang Sarili; ang Kaniyang buong iglesia ay itinatag sa mga kapahayagan ng Kaniyang Sarili. Ngayon, magsimula tayo rito sa… Magsimula tayo, sa palagay ko'y, sa ika 14 na talata. At kanilang sinabi, Anang ilan... na ikaw si Juan Bautista:… (Ang—ang tanong ay…) … si Jesus, sinabing.. sa mga sakop ng Cesarea ni Filipo, at itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na sinasabi,Ano baga ang sinasabi ng mga tao... kung sino ang anak ng tao?... (Ika-13 talata, at iyan ay sa 16:13 na.) At kanilang sinabi,…

52 Ngayon, tignan n'yo, dito unang nangusap ni Jesus tungkol sa iglesia, at sa Apokalipsis naman ang huli.

At sinabi niya, Anang ilan… Si Juan Bautista: ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, at ang iba... at—at… o isa sa mga propeta. Kaniyang sinabi sa ka—kanila... (sa lahat ng naroroon)... Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?

At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, ang anak ng Dios na buhay. (Ay, naku.) At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit. 139 Ay, naku. "Hindi mo ito nakuha sa seminaryo. Wala nang iba pang paraan kaya nakuha mo ito, Simon, na anak ni Jonas; ang tanging paraan kaya nakuha mo ito, ay sa pamamagitan ng isang espirituwal na kapahayagan na inihayag sa'yo mula sa langit na Ako nga Siya." Ang sabi ni Jesus, "Malibang kayo'y magsisampalataya na Ako nga Siya, mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan. (Tama nga iyon.) Ako nga Siya." Sinasabi ko… sa iyo,… na ikaw ay Pedro,… sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban dito. 140 Ano Iyon? Espirituwal, espirituwal, ang espirituwal na katotohanan, ang Salita ng Panginoon.

53 Ngayon, nalaman natin na sa dakilang kapahayagan na ibinigay ng Diyos sa iglesiang ito sa huling mga araw, na nagsugo ang Diyos at nagpahayag ng Kaniyang Sarili bilang bukas na Pintuan sa pagitan ng dalawang kapanahunang ito. Hindi sa kapanahunan ng Laodicea; hindi rin sa kapanahunang ito, sa kapanahunan ng Filadelfia; kundi sa pagitan, sa pagsasanib ng dalawang kapanahunan, dahil ang… Patutunayan ko ito mayamaya lamang nang kaunti, at mauunawaan ninyo ito. Nauunawaan n'yo ba? Pagyayamanin natin ito, upang tiyak na makita n'yo, kung sadyang gusto n'yong makita. Kita n'yo? Sige. 142 Ngayon, itinayo Niya ang Kaniyang iglesia sa kapahayagan ng Kaniyang Sarili. Ilan ang nakaaalam ngayon na iyan ang totoo? Itinayo Niya ang Kaniyang iglesia sa kapahayagan ng kaniyang Sarili.

54 Sige. Ngayon, ano'ng sinabi Niya? "Walang sinoman ang makapaglalapat nito." Nalalaman ko ang iyong mga gawa: narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas,…

Ano ang pintuang bukas? Ang kapahayagan ng kataas-taasang Pagkadiyos ni Jesus Cristo. Ano ang sinabi Niya dito sa Kaniyang unang iglesia, sa kapanahunang ito? Ang sabi Niya, "Ako ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating. Ako ang Una at ang Huli. Ako ang Makapangyarihan sa lahat." Sinabi Niya ito sa tatlong magkakaibang pagkakataon, ipinakilala Niyang Diyos ang Kaniyang Sarili dito sa unang iglesia; bago Siya tumungo sa huling kapanahunan ng iglesia, ay sinabi Niya, "Inilagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas." Kung gusto mong makita ang kapahayagan, narito, kung saan Niya itinayo ang Kaniyang iglesia. At ang tanging paraan upang maisama Niya ang Kaniyang iglesia, ay ang magbalik sa kapahayagan ng kung ano Siya. Totoo.

55 Tignan n'yo. Nang makipagtipan si Abraham—o nang makipagtipan ang Diyos kay Abraham nu'ng araw na sabihin niya, "Papaanong mangyayari ang mga bagay na ito, kita Mo namang matanda na ako, at ang tanging tagapagmana ko ay aking lingkod na ito na taga Damasco, si Eliezer?"Aniya, "Matanda na ako, at nangako Ka sa akin ng isang anak. Papaano Mo iyon gagawin? Papaano iyon mangyayari?" 145 At alalahanin n'yo na siya'y nakatulog; mahimbing na pagkatulog ang dumapo sa kaniya tulad ng sa bawat tao: ang kamatayan. At pagkatapos ay napansin niya, sa harapan niya ay may lumabas na hurnuhang umuusok; lahat ng makasalanan ay karapat-dapat mapunta sa impyerno. Pumatay Siya ng hayop, isang dumalagang baka, isang babaeng kambing, isang lalaking tupa, isang batobato at isang kalapati. Hindi Niya hinati ang batobato at ang kalapati. At humayo ang munting puting Liwanag, at nagpabalik-balik sa pagitan ng mga biniyak na hayop, pinagtibay ang tipan kay Abraham.

56 Ngayon, sa Japan, kung nagkataong may hapones dito, alam n'yo ba kung paano sila nakikipagtipanan sa Japan? Nagsasabuyan sila ng asin sa isa't-isa. Kumukuha sila ng isang munting banga ng asin, at sila'y mauupo, mag-uusap sila, "Gagawin mo ba ang ganito at ganiyan?" "Oo, gagawin ko ang ganito at ganiyan." Pagkatapos ay gagawa sila ng tipan, kukuha ng asin, at isasaboy sa isa't-isa, dahil ang asin ay pampreserba. Kita n'yo? Tama. Nagsasabuyan sila ng asin sa isa't-isa; iyon ay isang tipan.

147 Sa America, ganito tayo gumagawa ng tipan, sinasabi natin, "Buweno, gagawin mo ba ang ganitong bagay?" "Gagawin ko ang ganitong bagay." At kamukat-mukat mo, nagkakamayan na tayo, "Pagkakamayan natin." Iyon ay isang tipan.

57 Ngunit sa gawing silangan, ang gawi nila sa paggawa ng tipan, sumusulat sila ng isang bagay. At sumusulat sila ng isang kasunduan, at pumapatay ng hayop sa panahon ni Abraham. Hinahati nila sa gitna ang hayop at tatayo sila sa pagitan nito, isusulat ang kasunduan, at pupunitin ganito. Kukunin ng isa ang kapiraso, at ang isa ay yung isa naman. At susumpa sila na magiging kagaya ng mga patay na hayop na ito ang kanilang mga katawan kung nila tutuparin ang kasunduan. At ngayon, ang tanging paraan na ang kasunduang ito ay ma… Hindi mo ito maduduplika. Kailangang ganap itong mabuong muli kapag pinagdugtong.

58 Ngayon, ano ang ipinapakita ng Diyos kay Abraham na Kaniyang gagawin? Na Kaniyang kukunin ang Binhi ni Abraham, mula kay Isaac patungo kay Jesus, at dinala Niya Siya sa Kalbaryo, at doon ay hinati Niya Siya. Inihiwalay Niya ang Espiritu mula sa Kaniya, mula sa katawan; ibinangon Niya ang katawan at pinaupo sa kanang kamay ng Kamahalan sa kaitaasan, at isinugong pabalik ang Espiritu Santo sa iglesia. Iyan ang tipan ng Diyos, hinati Niya ito: nasa atin ang Espiritu; nasa Kaniya ang Katawan. At kapag nagsama Itong muli, ang Espiritung nasa atin ay sasanib sa Kaniya bilang Nobya. Amen. Walang anumang denominasyon na nakakabit Dito. Wala po. Isa itong dalisay at walang halong kapanganakan ng Espiritu Santo. Iyon lang. Iyan ang tipan.

59 Ngayon, ngayon, nalaman nating sinabi Niya, "Inilagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas." At hindi mahalaga kung gaano karaming mga organisasyong gawa ng tao ang maglitawan, o mga denominasyon, kahit nga ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi makapagsasara nito. Ang tanging paraan para magapi ito, ay ang umanib ka rito. Iyon lang. Hindi ka maaaring sumapi rito, kaya kailangan kang ipanganak dito. Tama. Kaya't walang sinumang makapipigil sa mensaheng iyon ng kataastaasang Pagkadiyos at ng bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Hindi makapananaig ang mga pintuan ng impiyerno laban dito. 151 Sasabihin mo, "Papaano mo nalalamang tama ito?" Ayon na ayon ito sa Salita, at wala nang sinupamang makapagsasalita laban dito. Tamang-tama. Ito ang Salita. Wala ritong sinumang nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.

60 Ang dakilang si San Pablong ito, ang anghel ng Efeso, ay nag-utos sa bawat tao na hindi pa nababautismuhan, kahit papaano ka man nabautismuhan, kung hindi ka pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, inutusan ka niyang lumapit at magpabautismong muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. Aniya, "Kung may anghel mang dumating mula sa langit at magturo ng iba, siya'y matakuwil."

Kaya makikita n'yo kung anong pakay ng anghel sa pagparito niya sa mga huling araw na ito, anong uri ng mensahe ang taglay niya sa kaniyang paglitaw. Maaaring pinangunguhan natin siya. Ngunit sinasabi ko sa inyo, pagdating niya, ipangangaral niya ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung hindi kayo nainiwala rito, pumarito kayo bukas ng gabi at hayaan ninyong ipakita ko sa inyo sa pamamagitan ng Kasulatan. Tiyak na gagawin nNiya. At ang pagtutuli ng puso, ang mga Makalangit na mga himala, at pagpapamalas ng mga kapangyarihan tulad ng taglay nila noong araw ng Pentecostes, ang pinaka-orihinal na pagpapalang Pentecostal ay babalik sa kakaunting nalalabi upang ito'y iakyat. Ang kasunduan ay magiging katulad na katulad nang ito'y hinati noong unang pagkakataon.

61 Oh, mahal ko Siya. Tuwang-tuwa ako, tuwang-tuwa, hindi ko maihayag nang sapat. Tuwang-tuwa ako na masasabi kong isa ako sa kanila. Tuwangtuwa ako. Hangad ko lang sana na lahat ng kapatiran ko ay ganu'n. Hangad ko sanang makasama rito ang mga kapatid kong lalaki at babae, ang mga mahal kong kaibigan sa buong mundo, upang makita nila ang dakilang bagay na ito. Mais kong—handa ako ngayong gabi, alam ito ng Diyos. Kailangan ko pang alagaan ang munting anak akong si Joseph; at ang batang Sarah at si Rebekah; isang magandang maybahay na ayaw kong iwan; ngunit kung alam kong ang mga kapatiran ko sa buong—ang mga taong kilala ko sa mundong ito, ay tatanggap at sasampalatay dito, at mapupuspos ng Espiritu Santo, handa akong humayo ngayon din. Tama nga. Kita n'yo? Oh, kung magagawa ko lang... At hindi mo... Kung mangungusap ka ng banayad, iisipin nilang tila sinisikap mong linlangin sila. At may isang bagay lang na dapat gawin; iyon ay ang manatili sa Salita at ito'y ito'y pabaunin. Tama nga; manatili rito. Oh, mahal na mahal ko Siya.

62 Isang kapahayagan ng Kaniyang Sarili, ng Kaniyang kataas-taasang Pagkadiyos. Ano ang ginawa Niya rito? Sadyang hindi ko ito maiwan. Ipinahayag Niya ito sa iglesia sa Efeso. Tama ba? At iyan ay nang unang sumilay ang Liwanag upang magningning, ang Liwanag ng Cristianismo. Tama ba? Nagsimula ang panahon ng Espiritu Santo dito mismo sa Efeso. 156 At sinabi ng propeta na darating ang isang araw na alanganing gabi o araw, ngunit sa panahon ng gabi ay muling magbabalik ang Liwanag." Nakita n'yo? Kita n'yo? Ngunit tignan n'yo, ang makulimlim na araw na ito, dumaan ito diyan, sa lahat ng mga mapapanglaw na organisasyong ito at lahat na; ngunit sa mga huling araw na ito, sa bandang ito inilagay Niya ang pintuang bukas na iyan. Sinabi ni Jesus, "Ako ang Pintuang iyon."

63 Narinig n'yo ba Siyang nagsabi, "Ako ang Pintuan. Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag"?

Kita n'yo? Narinig n'yo ba Siyang nagsabi, "Makipot ang pintuan at makitid ang daan"?Napansin n'yo ba kung papaano ang pagkabaybay sa salitang strait? S-t-r-a-i-t: tubig. Ang "strait" ay nangangahulugang "tubig," ganiyan ang pagkabaybay. S-t-r-a-i-g-h-t. Kita n'yo? Strait, "Tubig ang daan. At ang tubig na iyon ay ang pintuan, at makitid ang daan." Ano ang tubig? Ang pasukan, ang pintuan. Kita n'yo, upang buksan… "Sa Pangalan ng Panginoong Jesus ang daan, sa pamamagitan ng tubig. Makipot ang pintuan; makitid ang daan, na…" Si Jesus… "Tubig ang pintuan, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang makapasok." 158 "Mangagsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan at tatanggapin ninyo, habang nakatingin kayo sa Kalbaryo, ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka't sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak. (Ilan sa kanila ang nagsabi, 'Para lang iyon sa mga apostol.') Para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa mga nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Iyon—iyon ay sa lahat. "Maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Ang pangako ay para sa lahat, kung lalapit ka sa ayon sa sinasabi ng Preskripsyon. Tama.

64 Huwag mong sabihin, Buweno, pupuslit ako sa ganitong paraan." Minsan ay may isang lalaking pumuslit, alam n'yo, at pumasok sa ibang daan. Alam n'yo ba iyon? Nabasa n'yo ba ang talinhaga tungkol dito? May isang lalaking pumuslit at dumaan sa ibang daan. 160 Ngayon, sa silangan, kapag sila'y nasa hapunan ng kasalan... Kukunin natin ito sa umaga, sa hapunan ng kasalan, kung paanong nakapasok doon ang lalaking iyon. Sisikapin nating talakayin iyan sa umaga. Sasaysayin ko na sana ngayon, ngunit lalampasan ko na lang. Sa umaga kung paano nakapasok sa dakong iyon ang lalaking iyon mula sa hapunan ng kasalan… o, para sa hapunan ng kasalan. 161 Sige, "Makipot ang pintuan; makitid ang daan." Tubig ang pintuan, ang pasukan sa Panginoong Diyos.

65 "Inilagay Ko ang pintuang bukas. Nasa Akin ang mga susi. Ako lang ang tanging makapagbubukas nito; Ako lang ang tanging makapaghahayag nito; nasa Akin ang mga susi." Tama ba. "Walang sinumang makalalapit sa Akin malibang dalhin siya ng Aking Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." Walang sinumang maliligtas, kundi sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo, hindi sa pamamagitan ng anumang iglesia, anumang

organisasyon, sinumang obispo, papa, sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Nasa Kaniya ang susi; Siya lang ang tanging... Ang mga susi ng ano? Ni David, sa paparating na milenyo kung saan Siya uupo sa trono ni David. "Nasa Akin ang mga susi ni David; binuksan Ko ang pintuang ito at walang sinuman ang makapagsasara nito. Walang sinumang makapagbubukas nito kundi Ako lamang, at walang sinumang makapagsasara nito sa Akin."

66 Papaano mangyayari ito? Papaano malalaman ng isang tao na Siya ang Cristo malibang ipahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa kaniya? Kita n'yo? Ipinahahayag Niya ang kaniyang Sarili. Nasa Kaniya ang susi. Magagawa Niyang buksan ito o huwag galawin. Kita n'yo? "Nasa Akin ang susi ng pintuan. Ako ang Pintuan. Ako ang Daan. Ako ang Katotohanan. Ako ang Liwanag. (Oh.) Ako ang Alpha. Ako ang Omega. Ako ang Una at ang Huli. Ako ang Ama. Ako ang Anak. Ako ang Espiritu Santo. AKO NGA. Hindi ang nakaraan o ang darating. AKO AY AKO NGA, iya'y...?... ang lahat-lahat. AKO NGA, hindi ang nakaraan o ang darating. AKO NGA, nangangahulugan iyon ng buhay na presensya magpawalang hanggan. Kita n'yo? AKO NGA. Palaging nasa nakaraan, palaging parating; Ako ngayon tulad ng palaging nasa nakaraan at palaging darating." Kita n'yo? Siya'y sadyang AKO NGA.

67 Nasa Kaniyang ang mga susi ni David sa Kaharian; walang sinumang makapagsasara nito. Pinatunayan iyan ng ika-7 talata (Tama.), na nasa Kaniya ang mga susi ni David, "Walang sinumang makapaglalapat." 165 Ngayon, tignan natin kung ano ang kasunod nito: … na ikaw ay may kaunting kapangyarihan,… 166 Oh. Ang sabi sa munting kawan na ito, "May kaunting lakas ka na lang ngayon." Ano'ng ibig sabihin niyan? Katulad ng isang taong namatay na, tila ginigising ang sarili, nahihimasmasan, unti-unting nagkakabuhay, nabubuhay. Galing ka sa mga patay na kredo iyon at lahat na; nagsisimula kang unti-unting mabuhay, gumigising ka, parang ginigising mo ang iyong sarili. "May kaunti kang kapangyarihan, ngunit naglagay Ako ngayong ng isang pintuang bukas sa harapan mo." Paglabas na paglabas nila ng Lutheranismo, papalismo, at lahat ng iba pang mga ismo, at Methodismo, at lahat na, ang sabi Niya, "Naglagay Ako ng pintuan sa harapan mo; ngayon kaunti na lang ang lakas mo, ano'ng gagawin mo rito? Nasa harapan mo ito, maaari kang pumasok o lumabas, anuman ang ibig mo. Nakalagay sa harapan mo ang pintuan. May kaunti kang lakas, nagsisimula ka pa lang mabuhay, nagsisimula ka pa lang na…"

68 Ganu'n din ang naunang iglesia. Pansinin n'yo sa dulo ng kapanuhanan ng Laodicea, bumalik itong muli sa mga gawa. Ngayon, kung napansin ninyo rito, upang ipakita na ang iglesiang ito ay nasa pagitan ng dalawang ito, kung

pupunta kayo sa kapanahunan ng Laodicea, o sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea, "Nalalaman Ko ang iyong mga gawa," sa dulo mismo ng kapanahunan ng Laodicea. Ano iyon? "Ang iyong mga gawa, at ang luklukan ni Satanas." Ano ang luklukan ni Satanas? Kita n'yo, muling bumalik sa isang denominasyon. 168 Kayong mga Assemblies of God, at Pentecostal Oneness, at Church of God, oh, hindi n'yo ba

nakikita, mga kapatid, kung anung ginawa n'yo? Bumalik kayong muli sa bagay na kinapootan ng Diyos, na sumisira ng pagkakapatiran. Tignan n'yo ang Assemblies of God, ilan sa pinakamabubuting tao sa mundo ay nasa Assemblies of God. Tignan n'yo ang United Pentecostal Church, mga pinakamabubuting tao na nakatagpo mo sa iyong buhay. Tignan n'yo ang Church of God. At dahil sa mga organisasyong iyon, nagtatalo sila, at nagbubulyawan, at nag-aaway-away, at nagtatawagan ng "pugad ng buwitre" at "kuta ng daga." Aba'y, kahiya-hiya ito. 169 Isang bagay na kinamumuhian ng Diyos ay ang paghahasik ng pagtatalo sa magkakapatid. Tama. Ang mga organisasyong iyon ang dahilan nito: naghahasik ng pagtatalo sa magkakapatid. Dapat ay namamagitan tayo at nagsasabing, "Magkakapatid tayo." We are not divided, All one body we; One in hope and doctrine, (ang aral ng Biblia) One in charity. 170 Gusto ko ang lumang awit na iyon, "Onward, Christian Soldiers." Opo.

69 Ang katapusan ng mga taga-Laodicea, bumalik silang muli sa mga gawa, o bumalik muli sa denominasyon ang mga denominasyong Pentecostal. Kunin natin ang ika-15 talata. Isinulat ko rito, "Ika-15 talata ng Apokalipsis 3." At tignan kung hindi ito tama. Apokalipsis 3, at—o tignan natin kung naisulat ko nang tama. Apokalipsis… Oh, hindi, hindi, nagkamali ako, ika-15 talata. Ito'y sa ika-15 talata ng kabanatang ito, iisa ang ipinapakita rito. Oo, a-ha: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man:... 172 "Nalalaman Ko ang iyong mga gawa." Pinakita nito na bumalik silang muli sa pag-uumpisa nila, bumalik nang buong kalakasan nila sa mga denominasyong Pentecostal, sa ika-15 talata ng kaparehong kabanata. Tama.

70 Sa pagitan ng dalawang kapanahunan, may kaunti pa silang lakas, sa pagitan ng dalawang makadenominasyong panahon ng aral ng Nicolaitanes. Ngayon, nang maitatag itong Lutheran, at nagbalik sa Nicolaitanes, sa mga

dakilang arsobispo at iba pa, dumating naman si Wesley, at itinayo nila ang arsobispo ng Canterbury, at lahat ng iba't-ibang dakilang, "Oh, kami iyon..." sa mga iglesia at iba pa, sa kapanahunang iyon. At dito naman sa Pentecostal, bumalik sila sa dating bagay, sa lahat ng kanilang malalaking denominasyon, sa aral ng mga Nicolaitanes. Ngunit sa pagitan ng dalawang kapanahunang ito ay binuksan Niya ang pintuan at binigyan ang iglesia ng kaunting lakas upang muling sumigla hanggang sa maigalaw nito ang kaniyang ulo, tumingin sa unahan, upang makita kung saan na ito naroroon, at makuha ang kapahayagan. Lumingon ito at tinignan kung may sinumang nakatulog, alam n'yo na, at ang nangyari, nagsimula itong umiling-iling at magpalinga-linga habang umiiling.

71 Siyanga pala, napanaginipan ko iyon kagabi. Charlie, akala ko'y nakabaril ako ng squirrel, napabagsak ko siya mula sa sanga. At nakakita ako roon ng isang matandang babae. Oh, galit na galit siya sa akin; pasugod siya sa akin. At may munting puting guhit paikot sa leeg ang squirrel na ito. At nakabulagta roon ang munting hayop na iyon at ipinilig ang ulo ng dalawa o tatlong ulit, lumingon sa akin, at saka tumakbo nang matulin, pabalik sa kakahuyan. 175 Alam n'yo, ang kahulugan marahil ng matandang babaeng iyon ay ang iglesia. Hindi ba? Sinikap niyang tapakan ako; nagawa kong makalayo sa kaniya. At… Ngunit oh, kaunti na lang ang liwanag noon, ngunit sapat lang upang malaman ko upang… Ang alam ko nagpunta ako sa kalsada, at tangka niyang harangan ako roon, at ipinihit ko nang mabilis ang aking Ford; may trailer ito sa likuran, bigla itong napabaliktad at tumalilis sa kabilang direksyon, at naiwasan ko siyang makalapit sa akin. At nakatakas ako …

72 "Ngayon, may kaunti ka pang lakas na nalalabi, kaya gusto mong gamitin ang lakas na ito upang ganap na makatalikod sa pagitan ng dalawang denominasyong ito." Napansin n'yo ba, "Tinupad ang Kaniyang Salita"? Tignan n'yo ang kasunod na talata nito ngayon. … may kaunti kang kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita,… 177 "Tinupad ang Aking Salita," ganiyan nila nakuh ang kanilang lakas. Ganiyan nila nakuha ang kapahayagan. Sila ang nakahawak ng Biblia nang ipalimbag ito ni Luther, at dumaan ito sa panahon ni Wesley at iba pa, nahawakan nila ito at tinupad ang Salita; at nakita nila ang kapahayagan ni Jesus Cristo na Siya ang Diyos na nagkatawang-tao sa kalagitnaan natin, at ang bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus, kaya't pumasok ang mga ito sa kaniya. Hayan. Nakuha nila ang Kaniyang Pangalan nang magkagayon. Kita n'yo? Aba'y, singlinaw ito ng—mas malinaw pa ito kays sa pagbabasa ng pahayagan. Kita n'yo? Sing… At hindi mo ito maitatanggi, dahil nakita iyon dito mismo sa Biblia, at heto mismo, at mayroon tayong… Kasaysayan ito.

Diyan mismo nagsimula ang iglesiang Pentecostal, at nakuha ang pangalan nito; noong 1908, 10, 12, mga ganiyan, nang magsimula itong bumuhos.

73 Ngayon, sige. … at hindi mo ikinaila ang pangalan… hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan… 179 Ngayon, gusto ko iyon. Hawak Niya ngayon ang mga susi ni David; magagawa Niyang tuparin ang Kaniyang Salita at ipasok ka sa Kaharian. Nahayag na ang Kaniyang Pangalan. Lumabas sila sa iglesia na may pangalan ngunit patay, at ngayo'y pumasok sila sa iglesia na may Pangalan, na may Buhay? Kita n'yo? Lumabas mula sa patay, na Ama, Anak, at Espiritu Santo: "Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo," ni wala iyong kabuluhan. Kita n'yo, ibinigay ito ro'n para sa isang kapahayagan. Ang Kaniyang buong Aklat ay isinulat sa kapahayagan. Ganu'n iyon; ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili.

74 Ngayon, sinabi Niya, "Magsiyaon kayo at bautismuhan ang mga tao sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo," Mateo 28:19. Ngayon, alin sa mga pangalan iyon ang gagamitin mo? Ngayon, marami sa mga trinitarian ay nagbabautismo, "Sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, sa pangalan ng Espiritu Santo." Ni hindi iyon Iskriptural. Tanungin n'yo ang sinuman, tignan n'yo kung hindi ito... Ito'y sa pangalan, pang-isahan, hindi mga pangalan: Pangalan, Pangalan ng Ama, at Anak at Espiritu Santo. Kita n'yo? Tama. Ang Ama ay hindi pangalan; ang Anak ay hindi pangalan; ang Espiritu Santo ay hindi pangalan. Kaya ano ito? Isang bagay na patay. Walang pangalan dito. Ngunit sa pamamagitan ng mga patay na titulong iyon…

75 Nahahayag ito, sa pamamagitan ng Buhay ni Cristo. At maaaring na kay Pedro ang… Nakatayo siya roon taglay ang mga susi ng Kaharian ng langit sa kaniyang kamay, at ang Kaharian ay ang Espiritu Santo; nakasabit sa kaniyang tagiliran ang mga susi ng Kaharian. Sa ibang salita, ang kapahayagan, dahil hinayag sa kaniya ni Jesus. Oh, kapatid, hindi mo ba ito nakikita? Si Pedro ang siyang pinagpala ng kapahayagan ng katotohanan. At hayun siya at nakatayo roon, at narinig niya si Jesus na nagsabi, "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo." 182 Lumingon si Pedro at nagsabi, "Panginoon, tunay ngang hawak ko ang mga susi dito. May kapahayagan ako kung ano ang ibig sabihin niyon, dahil alam kong ang Ama ay hindi pangalan, ang Anak ay hindi pangalan, at ang Espiritu Santo ay hindi pangalan, ngunit alam ko kung ano ang Pangalang

iyon. Kaya't binabautismuhan ko kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo." Amen. Whew. Tama.

76 Ngayon, tulad din lang iyan ng kapag nagbabasa ka ng isang kuwento ng pag-ibig. At ika'y... Iyan ang huling bahagi ng aklat ng Mateo, huling bahagi ng Mateo. Kapag dumampot ka ng isang kuwento ng pag-ibig, ilan sa inyong mga kadalagahan… Alam kong hindi n'yo iyan ginagawa; tiyak na hindi n'yo iyan gagawin; hindi, hindi. Kita n'yo? Ngunit kung ginawa n'yo iyon nung makasalanan pa kayo (Kita n'yo?), nakadampot kayo ng kuwento sa… Alam n'yo na, noong dalagita pa kayo, at nadampot n'yo ang ganitong kuwento, na nagsasabi, "Sina Juan at Maria ay namuhay ng maligaya magpakailan man pagkatapos no'n." Huh. Sino sina Juan at Maria? Ngayon, may isang paraan lang para malaman mo kung sino sina Juan at Maria; iyan ay ang balikan mo ang unahan ng aklat at basahin mo. Tama ba? 184 Buweno, at doon sa huling bahagi ng aklat ng Mateo, sa huling talata, kung saan sinabi ni Jesus, "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa kanila." Ngayon, kung ang Ama ay hindi pangalan, at ang Anak ay hindi pangalan, at ang Espiritu Santo ay hindi pangalan, maiging bumalik ka sa unang bahagi ng aklat. Kita n'yo? Ngayon, kung babalik tayo sa unang bahagi ng Aklat, sa unang kabanata ng Mateo, makikita mo ito.

77 Gusto ko lang ibigay ang munting paglalarawang ito sa dahilang marahil ay may kung sino ritong hindi pa nakakakita nito. Masdan n'yo ito, Ito ang Ama; ito ang Anak; t ito ang Espiritu Santo. Ngayon, masdan n'yong maigi. Ama, Anak, Espiritu Santo. Iyan ang sinabi ni Jesus sa Mateo 28:19. Tama ba? Ama, Anak, Espiritu Santo. Ngayon, Sino ito? Ang Ama. Makinig kayo, mga mag-aaral. Ama, Espiritu Santo, Anak. Ngayon, Sino ito? Ang Espiritu Santo. Sino ito? [Sumagot ang kongregasyon, "Ang Ama"—Ed.] Sino ito? [Sumagot ang kongregasyon, "Ang Anak"—Ed.] Anak. Sige. Ngayon, ito ay Ama Nino? Ni Jesus Cristo. Tama ba? 186 Ngayon, sa unang kabanata ng Mateo, sa ika-28 talata, basahin natin. Kukunin na natin ang kuwento ng pag-ibig ngayon at titignan natin kung ano'ng sinasabi nito. Titignan natin kung Sino ang Taong ito na pinatutungkulan Niya ng sabihin Niyang, "Bautismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo." Tama. Ngayon, nagsimula ang unang kabanata ng Mateo sa mga talaan ng lahi. Ang aklat ng lahi ni Jesus Cristo, na anak ni David, na anak ni Abraham.

Naging anak ni Abraham si Isaac;… at naging anak ni Isaac si Jacob;… 187 At nagpatuloy ito hanggang sa dumating sa ika-18 talata. Ngayon, makikita n'yo, magpatuloy kayo hanggang ditto sa ika-17 talata: At sa makatuwid ang lahat ng mga salit-saling lahi buhat kay Abraham hanggang kay David ay labingapat na salit-saling lahi; at buhat kay David hanggang sa pagdalang-bihag sa Babilonia… labingapat na salit-saling lahi; at… sa pagkadalang-bihag sa Babilonia hanggang kay Cristo ay labingapat na salit-saling lahi. Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang... si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose,… 188 Nakasusunod ba kayo sa akin? Makinig kayong mabuti: Nang... si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose,… nasumpungang siya'y… bago sila magsama, nasumpungan siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Diyos Ama. 189 Ganyan ba ang pagkakasabi? Nasumpungang nagdadalang-tao kanino? [Ang sabi ng kongregasyon, "Sa Espiritu Santo."—Ed.] Buweno, akala ko ba'y may nagsabing ito ang Kaniyang Ama. Ngayon, kung ang Espiritu Santo ay isang persona, at ang Ama ay ibang persona, kung gayo'y may dalawa Siyang ama. Ano nang mayroon kayo? Isang ilehitimong bata. "Oh," sasabihin mo, "nagkamali lang sila at namali ng pagkakalimbag." Sige: At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw… at ayaw ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.

Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa

kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa [Ang sabi ng kongregasyon, "Espiritu Santo."—Ed.]

78 "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ay papagtibayin ang bawat salita." Huh? Ang Espiritu Santo ang Kaniyang Ama. Buweno, ang sabi Niya'y ang Diyos ang Kaniyang Ama. Ngayon, kung sila'y dalawang magkaibang persona, sino sa dalawa ang Kaniyang ama? Huh. Kita n'yo kung saan na kayo humantong. Sadyang ibinibitin n'yo ang inyong sarili sa hangin. Kita n'yo? Ngayon, kailangang sabihin n'yong ang Espiritu Santo ay ang Diyos Mismo. Ang Espiritu Santo ito, na siyang Diyos. (Ngayon, may dalawa ba kayo ngayon, sa halip na tatlo.)

Sige. Sige, sa ika-21 talata: …sapagkat ang kaniyang dinadalang-tao… (Sino ang naglagay… Kanino niya ito pinagdalang-tao? Sa Espiritu Santo. Tama.) At siya'y manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag mo sa kaniya... (Pangalan)… JESUS: sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.

… nangyari nga ang lahat ng ito,… At, nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,

Narito ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel,… na kung liliwanagin ay… sumasa atin ang Diyos.

79 Ano ang Kaniyang Pangalan? Ngayon, sino sina Juan at Maria na namuhay nang maligaya magpakailan man? Ano ang Pangalan ng Ama, ng Anak, ng Espiritu Santo? Nang isilang si Jesus sa mundo, Siya ang Cristong Panginoon. Sa Kaniyang pagkatuli, makaraan ang ikawalong araw, ibinigay sa Kaniya ng Kaniyang ina ang Pangalang iyon at ibinigay din sa Kaniya nang Kaniyang ama ang Pangalang Jesus. Siya ay si Jesus Cristo, ang Panginoong Jesus Cristo kung gayon. 193 Siya ay Panginoon. Nang Siya'y isilang, Siya ang Cristong Panginoon. At nang tanggapin Niya ang Kaniyang Pangalang Jesus, doon Siya naging Panginoong Jesus Cristo. Iyon mismo ang ipinahayag kay Pedro; alam niya kung sino sina Juan at Maria nang sabihin Niya, "Humayo kayo, magbautismo kayo sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Kaya't ito'y maaaring maihayag dahil alam ni Jesus na si Pedro ay may kaloob ng mga kapahayagan. Alam niya, dahil naipahayag na sa kaniya ng Espiritu sa kaitaasan. At kapag nakita ng Diyos na ang isang tao ay makatatanggap ng mga kapahayagan mula sa kaitaasan, maaari Niyang pagkatiwalaan ang taong iyon, magagamit Niya siya; nang mahayag ito sa kaniya, dahil sinabi Niya, "Walang sinumang makapaghahayag nito kundi ang Kaniyang Ama." Ang Diyos lang ang Siyang Tanging makapagpapahayag nito, at alamNiyang si Pedro ay may ugnayan sa Espiritu. Kaya kaniyang… 194 Alam ni Pedro ang kapahayagan, kaya tumungo siya roon at kaniyang sinabi, "Mangagsisi kayo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan."

80 Ngayon, mga ilang araw lang bago iyon, sinabi ni Jesus kay Pedro (sa oras din iyon kung kailan sinabi Niya sa kaniya kung Sino ang kapahayagan, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng

hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya"), "At sinasabi Ko na ikaw ay Pedro, at ibibigay Ko sa'yo ang mga susi (Oh), ang mga susi sa Kaharian. Ibibigay Ko sa'yo ang mga susi. Anuman ang talian mo sa lupa ay tatalian Ko sa langit. Anumang kalagan mo sa lupa ay kakalagan Ko sa langit." 196 At nung araw ng Pentecostes, sa pagsisismula ng iglesia, sampung araw matapos sabihin ni Jesus, "Humayo kayo at magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo," nalaman ni Pedro sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan na wala namang pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Buweno, wala nang iba pang nakaisip no'n maliban na lang nung dumating ang kapanahunan ng Catolico. At lahat ng taong nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo sa katunayan ay nabautismuhan sa pananampalatayang Catolico. Tama, hindi sa bautismong Cristiano, hindi kailan man...?...

81 Ngayon, nung araw ng Pentecostes, napuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at nagsalita ng iba't-ibang wika, at umasta na parang mga lasing. Aat sila'y mga lasing; lasing sila sa bagong Alak, ang bagong Alak na galing sa langit mula sa Canaang nasa itaas. At nang silang lahat ay naghihiyawan, at nagsisigawan, at umaastang parang mga lasing at iba pa, tumayo si Pedro sa kanilang kalagitnaan at sinabi sa kanilang hindi sila mga lasing, kundi sila'y— silay... Ito yaong sinabi ng propeta na magaganap, ibubuhos Niya ang Kaniyang Espiritu. 198 At ngayon, ang sabi nila, "Mga kapatid, ano'ng maaari naming gawin? Mga kapatid, ano'ng maaari naming gawin?" Iyon ang tanong. "Papaano namin Ito makukuha? Sino ang may hawak ng mga susi?" "Halika rito, Simon. Nasa'yo ang mga susi; kunin mo sa'yong tagiliran. Ano ang sasabihin mo?" 199 Ngayon, tandaan, sinabi ni Jesus Cristo, "Kapag tinalian mo sa lupa, tatalian Ko rin sa langit. Kapag kinalagan mo sa lupa, kakalagan Ko sa langit." Kung Siya ay Diyos, kailangang tuparin Niya ang Kaniyang Salita."

82 Ngayon, kayong mga paring Catolico, ipakita ninyo sa akin ang pagpapatawad ninyo ng kasalanan. Sinabi sa akin ng isang paring Catolico minsan, aniya, "Hindi ba't sinabi ni Jesus, 'Kaninomang kasalanan ang inyong patawarin ito'y ipinatawad sa kanila'?" 201 Ang sabi ko, "sinabi Niya nga ito." "'Kanino mang

kasalanan ang inyong panatiliin, ito'y mananatili sa kanila'?" "Oo."

"Na sinumang patawarin ninyo ay patatawarin; sinumang hindi ninyo patawarin ay hindi patatawarin." Ang sabi ko, "Ganyan nga ang pagkakasabi." 203 Aniya, "Kung gayon hindi ba't binigyan ni Cristo ang Kaniyang iglesia, na anupa't kami ang Kaniyang iglesia, ng kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan sa ibabaw ng lupa?" 204 "Tunay nga." Ika ko, "Ngayon, kung patatawarin ninyo sila sa kaparehong paraan ng pagpapatawad nila, sasang-ayon ako sa inyo." Oo. Ang sabi ko, "Paano ba nila sila pinatawad? Sinabi ba nila sa kanila, sige humayo kayo at mag-nobena o anuman, o tulad ng ginagawa ninyo? Hindi po.

83 Sinabi ni Pedro, "Mangagsisi kayo." Amen. Iyon ang susi, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Nag-"click" ang susi sa ibabaw ng lupa, at nag-"click" din sa langit. Iyan na 'yon. 206 Iyan ang dahilan na nang masalubong ni Pablo ang ilan na nabautismuhan na ng nagbautismo kay Jesus, ay sinabi niya, "Tinanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo'y magsisampalataya?" 207 Ang sabi nila, "Hindi namin kung mayroon nga bang Espiritu Santo." 208 Aniya, "Sa anong..." Kunin niyo sa salitang Griyego, aniya, "Papaano kayo nabautismuhan?" 209 Sinabi nila, "Kay Juan." 210 Aniya, "Hindi na uubra iyon ngayon. Sarado na ang langit. Kailangan ninyong lumapit at mag-pabautismo sa Pangalan Ni Jesus Cristo." 211 Kaya't pagkarinig nila nito, nagpabaurismo silang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. At nang gawin nila, pinatungan sila ng kamay ni Pablo; bumaba ang Espiritu Santo sa kanila, at nagsipagsalita sila ng iba't-ibang wika at nagsipanghula. 212 Oh, kapatid, pagbalik iyan sa pasimula. Tama nga. Iyan ang pintuang bukas na inilagay dito. Tama ito maging sa heograpiya, ang panggabing mga Liwanag, at bawat Kasulatan sa Bibliya ay tumutumbok dito.

84 Maaari tayong manatili rito sa loob ng maraming oras, at mayroon pa tayong labinlimang minuto, at mga tatlumpu't limang iba't-ibang komentong kailangang banggitin. Kung kaya't kukunin natin ang mga iyon sa umaga kung hindi natin magawa ngayong gabi. Tama. 214 Ngayon, sige.

… at di mailalapat ng sinoman; na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita,… (Tama ba?)… at hindi mo ikinaila ang aking pangalan. 215 Nakita natin diyan: "Hindi ikinaila ang Aking Pangalan." Naipahayag ang Pangalan, nakalabas sila sa patay na denominasyon ng Sardis, at nakapasok sa sa buhay na iglesia. 216 Ngayon, kunin natin ang ika-9 na talata. Ngayon, mamasdan natin ngayon; papunta tayo sa isang bagay na napaka delikado. Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking papariyanin at pasasambahin sa harapan ng iyong mga paa, at ng maalamang ika'y aking iniibig. 217 Diyan lang ay puno na ang isang gabi. Masdan n'yo. Ano na sila ngayon? Sila na Kaniyang kinakausap, na nakasumpong ng Kaniyang Pangalan pagkatapos ng mga panahong ito, na pumasok sa bukas na Pintuang si Jesus Cristo, nakakuha ng Salita ng Buhay, napuspos ng Espiritu Santo, at nagayo'y sinabi Niya, "May ilan sa inyo ang nasa sinagoga ni Satanas."

85 Ngayon, kapatid ko, kung gusto mong bumalik sandali sa Pergamo, sa Apokalipsis 2:13, at hayaan ninyo lang na maipakita ko sa inyo kung ano ba talaga ito: ang denominasyon. Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at kung saan ka tumatahan, samakatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas:... 219 Hayan. Ang Laodiceang iyan—o, ang ibig kong sabihin ay ang kapanahunan ng iglesiang Nicolaita kung saan ay nagdenomina sila... At masdan n'yo, upang maipakita ko sa inyong sila'y isang iglesia, isang sinagoga, isang iglesia, isang iglesia ng denominasyon (Oh, kapatid.), ang sinagoga ni Satanas. Samakatuwid ang mga gawa ng denominasyon ay sa diablo. Hindi ang mga Cristiano ha, tandaan, mga Cristiano sila. Ngunit ang denominasyon mismo... Tama. 220 Ngayon, napansin ba ninyo na sinabi Niya, "May ilan sa Inyo na nagsasabing sila'y mga Judio, ngunit nasumpungan mo silang mga bulaan."

86 Ngayon, alalahanin n'yo, ang dakilang anghel... Ngayon, ano'ng kinakausap niya? Ang huling iglesiang ito, ang pintuang bukas na ito sa pagitan ng dalawang iglesia. 222 Ngayon, ang unang iglesia ay tinuruan nino? Ni Pablo. Ngayon, pumunta tayo sa Mga Taga Roma 2:29 at tignan natin kung ano ang isang Judio, upang

makatiyak kayo na hindi ko ito sariling kaisipan. Sa ika-2 kabanata ng Mga Taga Roma at sa ika-29 na talata. Sige, narito. Datapuwa't siya'y Judio sa loob; at ang pagtutuli ay yaong… sa puso, at sa Espiritu, at hindi sa titik; ang kaniyang mga kapurihan ay hindi... ang kaniyang kapurihan ay hindi sa tao, kundi sa Dios. 223 Ano ang isang—ano ang isang Judio? Isang Espiritu, isang Cristianong puspos ng Espiritu Santo. Alam Ko na narito kayo pagkatapos ng kapanahunan ng pagpapakabanal na nagsasabing sila'y may Espiritu Santo, ngunit... Siya ang may sabi nito; hindi ako. Ang sabi nila sila'y may Espiritu Santo na walang kalakip na mga tanda, ngunit sinabi Niyang sila'y mga bulaan. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na magsisisampalataya." Hindi mo Siya maaaring papagsinungalingin. Oh, kapatid. Iyan ang bumubulag sa iyo nang paulit-ulit. Kita n'yo? Ay, naku. Aking...Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio,... ("Na nagsasabing silay mga Cristianong puspos ng Espiritu, na nagsasabing... Ang sinagoga, ang organisasyon, ibibigay ko ang mga nagsasabi na sila'y may Espiritu Santo, at nagsipagorganisa roon. Ni wala pa silang kapahayagan." Kita n'yo? Sige.)... Sasabihin

kong... ang mga nagsasabing sila'y mga Judio... (o mga Cristiano)... at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking... papariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at ng maalamang ikay ay aking iniibig.

87 Ito'y kakailanganin kong isingit dito sa aking mensahe bukas ng umaga. Hayan ang natutulog na birhen. Nakikita n'yo ba? Kailan ito naganap? Sa huling panahon. Oh, nang sila'y lumabas... Narito ang... Kita n'yo? Inaringganap sila sa pananampalataya, pinaging-banal: inaring ganap sa pamamagitan ng mensahe ni Luther; pinaging-banal sa kapanahunan ni Wesley... 225 Marami sa kanila na mga minamahal na Nazarene, Pilgrim Holiness, Wesleyan Methodist, at iba pa, ay namumuhay nang mabuti at malinis na buhay, pinabanal, at nag-aakalang mayroon silang Espiritu Santo; at kapag nakarinig ng isang lalaking nagsasalita ng iba't-ibang wika, o kung ano pa, pinagtatawanan nila, tinutuya, at sinasabing ito'y sa diablo. Kapatid, sinelyuhan mo na ang iyong kapahamakan nang gawin mo iyon. Pinusong mo ang Espiritu Santo, at ito'y walang kapatawaran. 226 Buweno, sasabihin mo, "Kasapi kami sa Unang iglesia." Hindi mahalaga kung gaano karaming iglesia ang kinasasapian mo, walang kinalaman iyan sa Salita ng Diyos na hindi nagbabawas o nagdadagdag man. Tama, "Mga Sinagoga ni Satanas..."

88 Sana'y hindi ko kayo nasasaktan. Sadyang ayaw kong mangusap nang ganiyan, ngunit may -may Kung Ano sa loob ko na nagtutulak sa akin upang gawin ito. Hindi ko alam kung bakit ko ito ginagawa. Ngunit ako'y... Alam n'yong ayokong gawin iyan. Hindi maganda ang pakiramdam ko kapag sinasabi ko iyon, ngunit kailangan kong sabihin. May Kung Ano roon na nagpapasabi nito sa akin. Noon pa man ay ayokong pagalitan ang mga kababaihan. Nakadarama ako ng sobrang... Pag napaiyak ang isang babae, napakapangit ng pakiramdam ko. A—ayokong pagalitan ang mga kababaihan, ngunit may Kung Ano sa kalooban ko na nagpapagawa nito sa akin. Kita n'yo? Ang isang imoral na babae (Oooh, naku.), sadyang hindi ko ito matagalan. Dahil may Kung Ano sa kalooban ko na nagpapagawa nito sa akin, ang Espiritu Santo. 228 At kapag tumitingin ako rito sa Salita; inisip ko, "Panginoon, kung mali ako, ipakita Mo po sa akin. Huwag mong hayaang gawin ko iyon para lang magkagayon. Ayaw ng mga tao... Ayokong... Mahal ko ang mga tao. Alam Mong totoo iyon. Huwag Mong hayaang makasakit ako kaninuman. Diyos,alam Mong ayaw kong gawin iyon." 229 Ngunit nagbabangon ang Espiritu Santo at nagsasabi, "Tumayo ka sa Salitang iyan. Manatili ka riyan. Manatili ka sa Salitang iyan. 230 At sinasabi ko, "Opo, Panginoon. Kung ito'y… Ikaw ang pinakamatalik kong Kaibigan. Ikaw lang ang Tangi kong… Ikaw ang tunay kong Kaibigan na siyang tanging tutulong sa akin kapag pumapanaw na ang buhay na ito, kaya't tatayo akong kasama Mo kung gayon, Panginoon." 231 Heto na ako. Hindi ko layong manakit, ngunit naikiusap ako na huwag na hindi n'yo ako maintindihan kapag pinagsasalitaan ko ang mga organisasyon at iba pa. Noon pa man, bago ko pa malaman ang anuman tungkol dito, sa buong buhay ko'y tinutuligsa ko na ito, hindi ako kailanman naniwala rito. Iyan ang dahilan na ayaw kong kumunekta rito. At… Tama.Salamat sa Diyos sa paglalayo Niya sa akin dito.

89 Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y... (Puspos ng Espiritu),...at sila'y hindi, kundi... nangagbubulaan; at sila'y aking papariyanin… at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa,… Hindi n'yo ba naaalala ang mga natutulog na birhen ng sila'y magsibangon? Ngayon, tandaan, ano ang tawag sa kaniya? Sampu silang lumabas upang sumalubong sa Kasintahang Lalaki. Tama ba? Ang lima'y matatalino, na may Langis sa kanilang mga ilawan. Ilan ang nakakaalam kung ano ang ipinahihiwatig ng langis sa Biblia? Espiritu. Ngayon, hindi masasabi ninuman na, "Hindi ka pinaging-banal, at hindi ako…" Lahat sila'y pinaging

banal, bawat isa sa kanila, lahat ay pinaging-banal; ngunit may sapat na katalinuhan ang lima upang magkaroon ng karunungan ng kapahayagan upang masapo ang Pintuang iyon (Kita n'yo?), upang mapuspos ng Espiritu. May langis sila sa kanilang mga ilawan, at ang iba ay walang Langis. At nang sila ay magising, aba'y, lumapit sila sa kanila, anila, "Oh. Oh, bigyan n'yo ako ng kaunting Espiritu Santo n'yo, ng Langis. Bigyan n'yo ako ng kaunti." 233 Aniya, ganoon ba, "Pasensya na, kapatid, sapat lang ito para sa akin. Tunay na wala akong lalabis."

90 Kaya… at habang… Anila, "Humayo kayo at manalangin nang husto." At habang sila'y kumukuha, dumating ang Kasintahang Lalaki, at pumasok sila sa piging ng kasalan; at naiwan sila sa labas, kung saan daraan sila sa panahon ng kapighatian na… Masdan n'yo pa nang kaunti, dalawa pang talata, at makikita ninyong tutuloy sila sa panahon ng kapighatian. Kita n'yo? 235 Ngayon, ang natutulog na… Itutuloy natin iyan sa umaga. Oo, palagay ko'y mas mainam kung ipagpaliban natin 'yan, dahil sa ngayon ay paparating na tayo sa oras (Tama.) upang tayo'y magtapos.

91 Ngayon, tignan natin: Narito, ibinibigay ko... at nasumpungan nilang sila'y mga nangagbubulaan, (na wala silang Espiritu Santo.) 237 May isang munting bagay lang dito, pakiusap, habang magkakasama tayo. Si Judas Iscariote, gaya ng sabi ko kagabi, ay anak ng kapahamakan. Sinabi ng Biblia na isinilang siyang anak ng kapahamakan.At nang kaniyang... At si Jesus Cristo naman ay isinilang na Anak ng Diyos. At nanahan ang Diyos kay Cristo. Tama ba? Ang… Nanahan si Satanas kay Judas. Kung Siya ang Anak ng Diyos, isinilang na Anak ng Diyos, ang nagkatawang-taong Anak ng Diyos, kung gayo'y si Satanas ang isinilang na anak ng kapahamakan: Siya ang nagkatawang tao—ang anak ng kapahamakan, si Satanas, ang diyablo.

92 Ngayon, kung mapapansin n'yo, nakisama siya kay Jesus at naging kasakasama nila. Kita n'yo? Ngayon, ang dahilan kaya niya ginawa iyon ay upang makuha ang pandarayang maipapampasok niya sa iglesia sa araw na ito. Ngayon, sinabi ni Jesus, “Ang mga sinagogang iyon ay kay Satanas.” Ay, naku. Tumama ba ito? Sila'y mga sinagoga ni Satanas. Iyan ay si Judas na nagkukunwaring isang Cristiano. 239 Ano ang pinakamahalaga kay Judas? Ang salapi.Ang pinakamalaking panghatak ng kararamihan ng mga bagay na ito ngayon ay ang salapi. Tignan

ninyo ang Assemblies of God, nagtatayo sila ng gusali rito na nagkakahalaga ng anim na milyong dolyar, pagkatapos ay nagtuturo na malapit nang dumating ang Panginoon. Oh, ang mga bomba ay nakakasa na upang pasabugin tayo, at pagkatapos ay magtatayo sila ng isang anim na milyong dolyar na gusali. Ay, naku. Buweno, mayaman at hindi nangangailangan… Kukunin natin iyan bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon.

93 Ngayon, pansinin n'yo rito. Oh, tignan ninyo kung gaano kalalaki ang mga iglesia, ang naglalakihang mga organisasyong ito. Pinagsama-sama nila ang kanilang mga salapi at…Oh, mahaba nawa ang Diyos. Naging bilyunbilyon na ang halaga nila, mayroon pa silang pananalaping pangtustos, mga asosasyon sa pagpapautang sa kanilang kalagitnaan, at lahat na, nagpapahiram ng salapi at iba pa, ang mga iglesia. Kapatid, hindi iyan mukhang apostoliko para sa akin. 241 Ang sabi ni Pedro, “Pilak at ginto ay wala ako; datapuwa't ang nasa akin…” Ibigay n'yo iyon sa akin, at kunin n'yo na ang lahat ng inyong salapi. Tama. “Pilak at ginto ay wala ako, datapuwa't ang nasa akin ay siya kong ibinibigay sa iyo: Sa Pangalan ni Jesus Cristo…” Iyon ang mayroon siya: ang kapahayagan nito. “Ibinibigay ko sa iyo: Sa Pangalan ni Jesus Cristo tumayo ka at lumakad.”

94 Tama. Ngayon, nakita natin dito na sila'y mga sinagoga ni Satanas. Ngayon, papaano sila naging gayon? Ngayon, nang dumating si Judas... Ngayon, masdan n'yo. Halos kasabay ng pagdating sa eksena si Jesus, dumating din sa eksena si Judas. Napansin n'yo ba iyon? At halos kasabay nang pagkawala ni Jesus sa eksena, nawala rin sa eksena si Judas. Halos kasabay ng pababalik sa eksena ng Espiritu Santo, bumalik din si Judas sa eksena, ang espiritu ng anticristo, upang gumawa rin naman sa mga anak ng pagsuway, hindi pinapansin ang Biblia, kundi ang denominasyon. Kita n'yo? At gumawa sila ng isang sinagoga. At sinabi ni Jesus dito na ito'y sinagoga ni Satanas. Saan? Dito mismo sa kapanahunang ito. Paano ito nagsimula rito? Sa pamamagitan ng isang organisasyon. Katulad din ng nangyari dito. “Isang sinagoga ni Satanas,” nakuha n'yo ba? 243 “Ang sinagoga ni Satanas,” ang sabi Niya, “na nagsasabing sila'y puspos ng Espiritu.” Ngayon, papaano nila iyon nasasabi? 244 Si Judas, nang narito siya sa lupa, nakatagpo niya si Jesus, sinabi niyang nananampalataya siya kay Jesus, at naging ingat-yaman, siya ang may hawak ng lahat ng salapi. Tama ba iyan? Alam n'yong lahat iyan. Ngayon, kung nananampalataya siya kay Jesus Cristo, tinanggap niya (sa maling paraan) ang

pag-aaring ganap. Tama ba? Sa Mga Taga Roma 5:1, “Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya...” Tama. Sige.

95 Ngayon, at isang bagay pa, sa San Juan 17:17, pinabanal sila ni Jesus sa pamamagitan ng katotohanan, ang sabi Niya, “Ang Iyong Salita ay Katotohanan,” at Siya ang Salita. 246 At binigyan Niya sila ng kapangyarihan laban sa mga masasamang espiritu, upang makahayo at magdaos ng mga gawain ng pagpapagaling, at magtaboy ng mga demonyo, at gumawa ng lahat ng uri ng mga himala. At nang sila'y magsibalik, kasama nila si Judas... Ngayon, masdan n'yo, mga Nazarenes, Wesleyan Methodist... Pagbalik nila, galak na galak sila, at lubhang nagsasaya, at nagpupuri sa Diyos, at sumisigaw dahil napasakop ang mga diablo sa kanila. Ang sabi ni Jesus, “Huwag kayong magalak dahil ang mga diablo ay napasakop sa inyo; kundi inyong ikagalak na nangasusulat ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay.” 247 At tandaan na si Judas ay isa sa kanila. Kita n'yo, maaari niyang dayain ang iglesia sa pamamagitan niyan. Sa mga linyang iyan siya nagtatrabaho, alam n'yo na, ngunit ipinakita niya ang kulay niya pagdating sa Pentecostes. Ganiyang-ganiyan ang ginawa niya sa Primitive, sa iglesiang Methodist, at iglesiang Lutheran, at gayon din sa iglesiang Nazarene, at sa mga Churh of God at iba pa sa kanila, umabot sila sa pagpapakabanal; pagdating sa bautismo ng Espiritu Santo upang magsalita ng iba't-ibang wika, at magkaroon ng mga tanda at mga kababalaghan, kinundina nila ito.

96 Dadaan sila sa Divine healing para sa inyo. Tunay nga, ginawa rin iyan ni Judas. Kita n'yo? Ngunit kapag... Maraming mga Divine healing ang nalulunsad sa ngayon, kapatid, tatayo sila ng mga dalawang oras at magsasabi, “Matutuyo ang inyong mga pananim kung hindi ninyo sila bibigyan ng limampung dolyar kada gabi, bawat isa sa inyo,” at lahat ng ganyang uri ng mga bagay, iya'y sa diablo. Tunay nga. Buong puso akong naniniwala sa Divine healing. Ngunit ang bagay na iyon ay sa diablo; walang pasubali, iya'y sa diablo. Hindi mahalaga kung gaano karami ang nagagawa mo, o higit pa; nagpalayas din ng mga demonyo si Judas. 249 Ang sabi ni Jesus, “Marami ang lalapit sa Akin sa araw na yaon, na magsasabi, 'Panginoon, Panginoon, hindi baga nagpalayas kami ng mga demonyo sa Iyong Pangalan at nagsigawa ng maraming gawang makapangyarihan'?” 250 Ang sabi Niya, “Kung nagawa n'yo iyon, wala Akong kinalaman do'n. Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan; hindi ko kayo nakikilala.” Tunay nga.

Oh, kapatid,"Makipot ang pintuan, at makitid ang daan, at kakaunti ang makasusumpong niyaon." Pinag-uusapan natin ang kakaunting ito, dahil nasa huling kapanahunan na tayo kung saan dapat ay kakaunti lang talaga. Tanggapin ninyo ito, pakiusap, mga kapatid.

97 Huwag ninyong isipin na nakatayo ako rito… Mas pipiliin kong… Kung sa akin lang, a—ako'y… Para sa akin, maaari akong makipag kompromiso sa aking sarili at magsabi, "Tanggapin natin ang Assemblies of God o ang isang kilusan, makisama tayo sa kanila at makisang-ayon." Ngunit, kapatid, sa aba ko kapag ginawa ko iyon. Sa aba ko. May alam akong mas mabuti riyan. Ipatatapon ako ng Diyos sa impyerno kung gagawin ko ang ganiyang mga bagay. Opo. Kung kailangan kong—kailangan kong selyuhan ang aking patotoo ng aking buhay, sadyang kakailangan ko itong selyuhan, iyon lang. Dahil may Kung Ano sa aking kalooban; sadyang hindi ko iyon kayang gawin. 253 Alam kong ito'y katotohanan, at kailangan kung tumayo sa kung ano ang katotohanan, at sinusuportahan ito ng Biblia. Laban sa akin ang mga organisasyon, ngunit sinasabi ng Biblia na ito'y tama. "Hayaang maging kasinungalingan ang bawat salita ng tao at ang sa Kaniya ang totoo." Iyan ang katotohanan; 'yan na 'yon; manatili ka lang Diyan.

98 … ibibigay ko…sa sinagoga ni Satanas,… (Sige.)… At malalaman nila… sa harap ng iyong mga paa, at… maalamang ikaw ay… aking iniibig.

Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis; ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok,… Masdan n'yo ngayon, nais kong ipakitang hindi ang kapanahunan ng Methodist ang tinutukoy ko, ngunit ito'y ang pagsasanib ng dalawang kapanahunan. Tignan n'yo. Handa na ba kayong making? Lahat kayo? Makinig kayong mabuti ngayon. Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis; ikaw naman ay aking iingatan… (ang munting nalalabing yaon)… sa panahon ng pagsubok, kapag… 255 Darating ang iglesia sa isang kalagayan na kailangan mong umanib sa organisasyong ito o—o ika'y… Kailangan mong—kailangan mong tanggapin ito, kapatid. Iyon lang. Kung hindi ka mag-organisa o kaya'y tatanggap sa tatak ng hayop, o tatanggap sa ... Kakailanganin mong mag-organisa, o pumasok sa denominasyon (at sa katunayan ito ang pagdating ng tatak ng hayop), dahil isa itong pag-boycott. Kita n'yo? ... na darating... na darating sa buong sanlibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa.

Ako'y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.

99 Ngayon, ang dakilang pagsubok na ito, ang panahon ng pagsubok na darating upang subukin ang buong sanlibutan, tutuloy ito sa kapighatian (makikita natin ito sa loob ng ilang sandali.), tutuloy ito sa kapighatian, at hindi dumating ang kapighatiang ito panahon ni Wesley. Kaya anong panahon ang kinaroroonan natin? Ano itong Pintuan na inilagay sa ating harapan? Ito'y nasa pagitan ng kapanahunan ni Wesley at ng kahahantungan ng iglesia ngayon, at kinaroroonan na, ang kapanahunan ng Laodicea. Ngunit ang munting dakong ito na naririto, mga tatlumpu't lima, o apatnapung taon na iyon, na may isang pintuang bukas na nakalagay sa harapan ng mga tao upang sila'y makapasok, at kukunin ng Diyos ang mga nalalabi at ito'y seselyuhan na. At magiging malahininga sila, at isusuka Niya sila mula sa Kaniyang bibig. Papaiksiin ang gawa, at ang iglesia ay papanik, at saka naman ang pagpasok ng anticristo para sa pagkawasak. Tamang-tama nga, tumutugma ito sa kabuuan ng Biblia.

100 Tama. Ngayon. At narito ang paglitaw ng natutulog na birhen. Dito ay pinatutunayan din na ang huli sa mga kapanahunan ng iglesia ay tutungo rin sa unang bahagi ng Pentecostes, dahil papasok sila sa dakilang kapighatian na darating sa—na hindi dumating sa kapanahunan ni Wesley. 258 Sa ika-11 talata, sige, "isang putong ng Buhay." Ang sabi ng Ika-11 talata. Narito, Ako'y dumarating na madali:... (Ano? Madalian na pagkatapos nito. Kita n'yo?) Narito, Ako'y... panghawakan mong matibay ang nasa iyo... (Ingatan mo ito.)...upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong. 259 Ano ba ang isang putong? Ano ang isang putong? Ito'y isang—ito'y isang—ito'y isang… Ang "Putong" ay nangangahulugang "mayroon kang pamamahala." Isa kang hari kapag ika'y pinutungan. Kita n'yo? At tayo ay mga anak ng Diyos nang tayo'y maputungan ng Buhay na Walang Hanggan, at ang ating pinamamahalaan ay ang lupa: "Ginawa kayong mga saserdote at mga hari sa Diyos." Tama ba. Kaya't hayan.

101 At doon sa Bagong Jerusalem, pati nga ang mga hari sa lupa ay magdadala ng kanilang kaluwalhatian sa loob ng siyudad. Oh, kamangha-mangha ito. Hayaan ninyong… Kung gusto ninyong makuha iyon… Kita n'yo, gaya ng nagliliwanag na mga bituin, mga putong. At ang Daniel 12:3 ay nagbibigay ng napakalaking paglalarawan nito, kung nais ninyong isulat. Marahil ay may ilang sandali pa tayo upang makuha ito. Kunin natin ang sinasabi ni Daniel

dito sa ika-12 kabanata ng Daniel. Tama. Simulan natin sa una, ng ika-12 kabanata: At sa panahong yaon ay tatayo si Miguel... (Kita n'yo? Oh, alam ba ninyo kung Sino siya.)... ay tatayo, na dakilang prinsipe na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan: at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan,... (Ano ito? Pagkatapos na pagkatapos nito: kapighatian.)... na hindi nangyari kailan man mula ng magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawat isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat. At marami sa kanila na nangatutulog sa

alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay... (ang putong)… at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang pagkapahamak.

At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanman. 261 Oh, kapatid, hayan ang iyong putong, ang maluwalhating putong na iyon ng Buhay na Walang Hanggan: isang putong ng Buhay na Walang Hanggan.

102 Ika-12 talata, mabilis na mabilis bago tayo… At palagay ko'y uuwi na tayo pagkatapos niyan. Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos,… 263 Ngayon, tatalakayin natin ito ng mabilis na mabilis, dahil lampas na ako sa oras ng mga limang minuto. Ngunit maaari kayong matulog ng kaunti sa umaga, hindi ba? Nanay, pabayaan mo siyang matulog. Kaya mong gumising nang walang problema, ngunit medyo mahirap bumangon si tatay. Ngunit bayaan n'yo lang siyang matulog ng kaunti. Lumabas ka nang dahan-dahan at ipagtimpla mo na siya ng kape, o anuman ang iniinom niya; magiging mainam ang timpla niya.

103 Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos,… Oh, isasahin natin sandali ang bawat salita. Maari n'yo ba akong pagtiisan nang kaunti pa? Alam kong maalinsangan, at alam ninyong mainit din dito sa itaas. Ngunit tignan natin. Gagawin kong isang… Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos,… 265 Haligi… Isang haligi, o isang pundasyon. Pundasyon sa templo ng bahay, o sa bahay ng Diyos. "Sa templo ng aking Diyos," o, "sa bahay ng aking Diyos." Ito'y isang haligi, ang pundasyon. Sila yaong mga kumuha ng Salita na kanilang narinig sa talatang 8, at bumalik sa pundasyon.

104 Ngayon, kunin natin ang Mga Taga Efeso 2:19, sa iglesia ng Efeso. Alam n'yo, kailangan mong bumalik sa Efeso; iyan ang pasimula. Tama ba? Sige, bumalik tayo sa Efeso na kinaroroonan ni Pablo, sa iglesiang itinatag niya. At tignan natin ngayon kung nasaan na tayo. Tama, ang iglesia ng Efeso. Bumalik tayo ngayon at tignan kung ano itong pundasyon na naroroon, at tignan kung ano ang sinabi ni Pablo tungkol sa pundasyon sa unang kapanahunan ng iglesiang iyon. Ngayon, nangungusap siya sa mga Taga-Efeso. Kaya nga, hindi na kayo mga taga-ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Diyos; Na mga itinayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng... (Lutheran, oh... Baptist... Ngayon, sandali lang, nalito ako, hindi ba?)... Ngunit itinayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok;

105 Lahat ay pumasok sa Pintuan, kay Jesus. "At ang magtagumpay ay gagawin Kong haligi." Sa ibang salita, bahagi ng pundasyon, "Ano ang ibibigay ko sa kaniya? Ilalagay ko sa kaniya ang aral ng mga apostol at mga propeta mula pa sa pasimula, at ibibigyan siya ng kapahayagan." Ano ang sabi ng mga propeta tungkol sa Kaniya? Siya'y Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama. Iyon ang kanilang sinabi: ang mga propeta, ang mga apostol. "At ang magtagumpay sa lahat ng sinagogang ito ni Satanas, manatiling malaya, at tumingin nang tuwiran sa Pintuan, gagawin Ko siyang haligi; ibabalik Ko siya sa pundasyon ng Aking Salita sa bahay ng Aking Diyos." Ay, naku. "Ilalagay Ko siya sa haliging yaon sa pundasyon, kung saan ay nananatili sila sa Salita." Amen. Gusto ko iyan, kapatid. Mainam ito. Maaaring umasta ako ng kakatuwa; ngunit mainam ang pakiramdam ko. Tama. ... Gagawin kong isang… Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos, at hindi na siya lalabas pa doon:… (Ano iyon? Kung siya'y isang haligi, hindi na siya lalabas pa. Siya ang Nobya. Tama.)

106 Tulad ng taglay ng Efeso, tulad ng itinuro ni Pablo sa kanila sa Mga Gawa… Ngayon, sandali lang.Kung ikaw ay magiging isang haligi… May isa pa akong Kasulatan dito na gusto kong ipaabot sa inyo bago tayo tumungo sa Nobya. Ngayon, kung siya'y magiging isang haligi, babalik ka sa Efeso, babalik ka sa kapanahunang kinabibilangan ni Pablo. At si Pablo, ang anghel ng Efeso, na siyang pasimula ng iglesia, ang pundasyon, ay nagturo sa kanila,

"Kung sila'y nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo: kailangan nilang magpabautismong muli." Tama, Mga Gawa 9—o 5:19—o 19:5, pala. Sa Mga Taga Galacia 1:8, sinabi niyang kung may anghel na magturo ng ibang bagay, siya'y matakuwil. Ang...

107 Sila rin ang Nobya na nasa templo. Ngayon, tumungo tayo sa ika-7 kabanata ng Apokalipsis , tignan natin kung sila nga ang Nobya, ika-7 kabanata ng Apokalipsis. 270 Ngayon, maaari kong, A—aking... Pinag-uusapan natin dito ang labi ng Israel, sandaan at apatnapu't apat na libo, at iba pa, ngunit lampasan muna natin iyan ng kaunti at bumaba tayo rito sa ika-12 talata. Sabihin nating, isang pagtitipong Pentecostal ang nagaganap doon. Ito ang mga taong… Oh. Kita n'yo? Buweno, sisimulan natin dito sa Ika-9 na talata, dahil ang una ay sa Israel, at may tinatakang sandaan at apatnapu't apat na libo sa kanila, na pupuntahan natin bukas. Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan, na di mabilang ng sinoman,…

108 Ngayon, tandaan ninyo, mula sa ika-4 hanggang ika-8 ay mga Israelita, at sila ang mga bating, ang mga bantay sa templo. Kita n'yo? Tatalakayin natin iyan bukas ng umaga, kung loloobin ng Panginoon.

Ngayon, kita n'yo, at labindalawang angkan sila lahat-lahat. Sa angkan ni Juda, labindalawang libo ang tinatakan Niya; kay Ruben, labindalawang libo ang tinatakan Niya; kay Gad labindalawang libo ang tinatakan Niya; at kay Levi; at Zabulon; at kay Benjamin, labindalawang libo. At ilang angkan mayroon ang Israel? [Sumagot ang kongregasyon, "Labindalawa"—Ed.] Buweno, ano ang labindalawang libo kung uulitin ng labindalawang beses? Sandaan at apatnapu't apat na libo. At lahat sila'y mga anak ni Israel; Kilala sila ni Juan, bawat isa; isa siyang Judio.

109 Pagkatapos ng… narito, isang lubhang karamihan, na di mabilang ng sinoman,… (Narito na ang mga Hentil.)… na mula sa bawat bansa,… lahat ng mga angkan,… mga wika, nakatayo sa harap ng Diyos at… ang Kordero, nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; Sila ang mga kawawang nilalang na nangamatay dati, at nilapa ng mga leon, at lahat na dahil sa Ebanghelyong ito ng Espiritu Santo na patuloy na nagbububo ng dugo. Libo-libong mga maliliit na batang nagkalat sa lansangan na sabog ang mga ulo at lahat na, doon ay magtitindig sila, na nakaputing damit, at may palma sa kanilang mga kamay. Kita n'yo? Ay, naku.

At nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero. Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan,… sa Cordero.

At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay,… nangagpatirapa… nangagpatirapa sa harap ng luklukan, at nangagsisamba sa Diyos. 273 Makinig, kung hindi n'yo iniisip na ito'y pagtitipong Pentecostal: Na nangagsasabi—nangagsasabi, Siya nawa: Pagpapala… kaluwalhatian… karunungan… pasasalamat… karangalan… kapangyarihan… kalakasan, nawa ang sumaaming Diyos magpakailan kailan man. Siya nawa. (Whew. Parang nagdaos sila ng camp meeting doon, hindi ba?)

110 …sumagot ang isa sa matatanda na—na nagtatanong sa akin,... o,nagsasabi sa akin, Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, ay sino-sino? at saan nagsipanggaling?... ("Ngayon, isa kang Judio; kilala mo lahat ng labindalawang angkan. Ngayon, sino-sino ang mga ito? Saan sila nagsipanggaling? Nadaramtan sila ng mga mapuputing damit; saan sila nagsipanggaling? Hindi ito angkan ni Benjamin at iba pa, sino-sino itong mga ito?") 274 At si Juan ay lubhang...?... At sinabi ko sa kaniya, Panginoon ko, ikaw ang nakakaalam… ("Na— nalito ako. A—ako'y..." Kita n'yo?)... At sinabi niya sa akin. Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero. Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Diyos… (dito sa loob ng bahay),… at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo. 275 (Tila nagutom sila nang kaunti, hindi ba?)... Sila'y hindi na magugutom pa... (Luwalhati.)... ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init. Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at... sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Diyos… ang bawat luha ng kanilang mga mata… (Hayan; iyan ang Nobya. Ay, naku. Napakaganda. Ang Nobya…)

111 Tignan natin kung ano ang sinabi Niya rito ngayon, para matiyak natin na hindi natin malagpasan, sa ika-12 talata:

Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos, at… hindi na siya lalabas pa doon:… (Nakatayo ang Nobya sa tabi ng Kasintahang Lalaki… Oh.) Oh, oh, kung may oras lang sana tayo para talakayin iyan. May nakuha ako para sa aklat na naroon. Ang sabi sa Apokalipsis, "Lahat ng mga hari sa lupa ay magdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon." Tulad ng, sa tipo, ang angkan ni Levi: lahat ng iba pa sa kanila ay nagbabayad ng mga ikapu sa kaniya (Nakita n'yo?); mula sa isang bagong buwan hanggang sa susunod, mula sa isang sabbath hanggang sa kasunod, umaakyat sila upang sumamba. Magiging napakagandang araw niyaon. Tama. "At Aking..." Tignan natin, "Hindi na siya lalabas pa." Sige.

112 ... isang haligi sa templo ng aking Diyos,... at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Diyos,... 277 Ngayon, ano ang Pangalan ng Diyos? Jesus. Kung gusto ninyong isulat ito (Medyo ginagabi na tayo.), "Jesus." Ang sabi sa aklat ng Mga Taga Efeso 3:15 na sa langit at lupa ang lahat ay pinangalanang Jesus. Kita n'yo? Tama. Tama. Ngayon. Sige. … at ang pangalan ng bayan ng aking Diyos, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa aking Diyos: isusulat Ko sa kaniya… (Oh, makikita n'yo na ang lahat ng ito'y iisang Pangalan, kung nasapo n'yo na. Kita n'yo, kita n'yo?)… Isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng bayan ng aking Diyos,… 278 "Ang Bayan," nagpatuloy Siya at nagsabi, "ang Bagong Jerusalem (Kita n'yo?), ang Bagong Jerusalem. Isusulat Ko sa kaniya ang Bagong Jerusalem." Ngayon, ang Nobya, o ang iglesia, ang Bagong Jerusalem. Sino ang nakakaalam niyan? Ang iglesia mismo ang Bagong Jerusalem. Naniniwala ba kayo riyan?

113 Patunayan nga natin ito. Apokalipsis 21, sa wari ko ang kailangan natin. Sige, tignan natin ulit dito para mapatunayan natin. Ang sabi ng Biblia, "Subukin ang lahat ng mga bagay." Kita n'yo? Ngayon, Apokalipsis 21. Oh, pakinggan n'yo ito… Pakinggan n'yo lang ito, kung gusto n'yong makita kung ano

itong bagong Bayan (Pangalan ng Diyos) Niya. At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at… ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.

At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa.

Ang bagong—bagong iglesia ay ang iglesiang Hentil, ang Nobya. Ang Nobya ay isang Hentil, at ang Hentil na may Pangalan Niya. Kumuha siya ng isang bayan mula sa mga Hentil para sa Kaniyang Pangalan. Naniniwala ka ba riyan? 281 Kung hindi kayo naniniwala rito, buksan natin ang Mga Gawa 15:14 at alamin natin. Mga Gawa 15:14, kung gusto ninyo itong buklatin sandali, at ating… At inyong… Sa ika-15 kabanata ng Mga Gawa at sa ika-14 na talata, palagay ko'y diyan natin makikita. At magtatapos na tayo. Mga Gawa 15 at sa ika-14 na talata… At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako: Sinaysay na ni Simeon kung paanong dinalaw na una ng Diyos ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan. (Tama, hayan Siya. Oh.)

114 Ngayon, palagay ko'y halos nandiyan na ang dulo nito, at ngayo'y magtatapos na tayo sa pagsasabi na itong… Tignan nga natin. At isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Diyos, at ang pangalan ng bayan ng aking Diyos… (At lahat ng ito'y iisa: Jesus, Jesus, Jesus: ikinasal ang Nobya kay Jesus, siya'y naging Mrs. Jesus na, at iba pa. Kita n'yo?) 283 May mga napakabubuting babae sa gusaling ito ngayong gabi, napakagaganda, ngunit may isa sa kanila na pag-aari ko; taglay niya ang pangalan ko. Sana'y nauunawaan n'yo iyan. Dala niya ang pangalan ko; kaya't magkakagagayon din ang Kaniyang Nobya. Tama.

115 Isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Diyos,… na siyang bagong Jerusalem, na bumababa… o, ang bayan ng aking Diyos, na siyang bagong Jerusalem, na bumababang mula sa Diyos… buhat sa langit mula sa Diyos: at isusulat ko sa kaniya ang aking bagong pangalan. Mainam sigurong iwan ko nang galawin iyan, hindi ba? Tama. Pansinin, ang "kaniya" doon ay pang-isahan. Ngayon, kung babalik ka sandsali sa Apokalipsis 2:17 sa ilang sandali, balikan lang natin sandali: Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.

116 Hindi n'yo ba Siya mahal? Hindi ba't kamangha-mangha Siya? Mahal Siya, Mahal Siya

Pagka't minahal Niya ako Nag-alay nang kaligtasan Sa Kalbaryo. 286 Alam n'yo, gustung-gusto kong umawit sa Espiritu matapos ang isang gawain na sumaway at lahat na. Kayo rin ba? Oh, gustong-gusto kong mapasa Espiritu pagkatapos no'n. Ang Salita (Kita n'yo?), lumagpak na ang Salita; ang tanging kailangan na lang Nito ngayon ay kaunting hamog (Kita n'yo?), mga papuri, at magpapasimula Itong tumubo. Nakikita n'yo ba? Oh, hindi n'yo ba Siya mahal? Itaas natin ang ating mga kamay at awitin natin iyon. Mahal Siya, Mahal Siya Pagka't minahal Niya ako Nag-alay nang kaligtasan Sa Kalbaryo.

117 Oh, magsiyuko lang tayo at sabihin natin: "Ama, mahal Ka namin. Mahal Ka namin. Oh, mahal na mahal Ka namin. Pinasasalamatan Ka namin nang lubos, Panginoon. Oh, hindi kayang ipahayag ng aming abang makataong puso kung ano ang nadarama namin sa aming kalooban, dahil sa pagkakahugas Mo sa amin ng Iyong Sariling Dugo. Mga taga-ibang lupain kami dati, Panginoon. Mi-minahal namin ang mga bagay ng sanlibutan, at nagkagulogulo ang buhay namin sa mga bagay ng sanlibutan, at nanaog Ka sa pamamagitan ng Iyong biyaya at iniunat Mo ang Iyong kababanal-banalang mga kamay sa lusak ng kasalanan na kinasasadlakan namin, dinampot Mo kami, pinili, hinugasan, nilagyan ng isang bagong Espiritu, at inilagak ang aming mga pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas. Mahal na mahal Ka namin, Panginoon." 288 Sa kapanahunang ito na nadaya, wala nang anumang nalalabi pa para sa amin sa mundo, Panginoon. Wala nang nalalabi pa sa mundo; nasa huling panahon na ito. Nakikita namin sa pamamagitan ng Biblia, na lumipas na ang bawat kapanahunan. Nasa dulo na kami, mabilis na lumilipas. Hindi na magtatagal ang pagdating ni Jesus. O Diyos, pag-alabin Mo po ang aming mga puso; huwag Mo kaming hayaang manahimik. Iniisip ko, ano kaya ang gagawin ng dakilang si San Pablo kung siya'y naririto ngayong gabi at makikita niya ang mga bagay na ito? Kung papaano niya… Ipakukulong nila ang lalaking iyon bago mag-umaga; paririto siya na sinasabihan ang mga tao na maghanda sa pagdating ng Panginoon.

118 Sa oras na ito, Panginoon, marami ang maysakit, dahil may mga nakalapag na mga panyo at mga kahilingan dito. Dumadalangin ako na pagalingin Mo ang bawat isa sa kanila, Ama. Alam naming bahagi iyan ng Iyong ministeryo na Iyong pinatunayang walang pagsalang katotohanan, sa pamamagitan ng mga tandang lumalakip sa mga mananampalataya. Mula sa katawan ni Pablo ay kumuha sila ng mga panyo at mga tapi at ipinadala sa mga maysakit, at lumayas ang masasamang espiritu mula sa kanila, at sila'y nagsigaling, dahil nanampalataya ang mga tao sa buhay na Diyos. Itulot Mo itong muli ngayong gabi, Ama, habang ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo, Panginoon, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. 290 At ngayon, Panginoon, dumadalangin ako na kunin Mo ang aming mga kaluluwa sa Iyong kamay, hugasan Mo

po kami, plantsahin Mo kami, dahil sinabing darating Ka para sa isang iglesiang walang bahid o kulubot. Nawa'y unatin ng mainit na plantsa ng Espiritu Santo ang lahat ng kulubot sa amin at maihahanda kami para sa pagdating ng Anak ng tao. 291 Ngayon, Ama, dumadalangin kami na sumaamin ang Iyong mga pagpapala. Samahan Mo kami sa aming pagsamba, Ama. Sinasamba Ka namin. Nakatayo kami ngayong gabi at ibinibigay namin sa Iyo ang aming mga puso. Kami'y...

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7